TAON XXI BILANG 1 · OPISYAL NA PAHAYAGAN SA FILIPINO NG MATAAS NA PAARALANG PANG-AGHAM NG MAKATI · UNANG SEMESTRE 2018

LATHALAIN 08 PAMANANG TUNGKULIN
AGHAM 13 LASAPIN ANG SARAP AT SUSTANSYA NG MILKTEA
ISPORTS 15 ISPORTANSYA





# Ang KADLUAN

*Sandigan ng Katotohanan, Kanlungan ng Paninindigan*



**KARANASAN, SUSI NG TAGUMPAY.** Tumatak sa isipan ng mga mag-aaral ng Mataas na Paaralang Pang-Agham ng Makati ang mga kaalaman sa likod ng mga karanasang ibinahagi ni G. Nathaniel Cruz.

SUNDAN SA PAHINA 11

## HINAKDAL NG KILUSAN



## FAREWELL PARTY, HANDOG KAY G. BULAN; GNG. SAMADAN, MAINIT NA SINALUBONG

Nikko Christian Tam Cabaddu

Pinuno ng magkakahalong emosyon ang mga mag-aaral at guro ng Mataas na Paaralang Pang-Agham ng Makati (Maksci) matapos lumisan si G. Samuel Corpuz Bulan dulot ng pagreretiro kasabay ng pagdating ng panibagong ina ng Maksci na si Gng. Eden Fredeluces Samadan.

Pinangunahan ng *Supreme Student Government* (SSG) ang *farewell party*, bilang handog para kay G. Samuel Bulan at sa mahigit dalawang taon niyang panunungkulan bilang punungguro ng Maksci, na idinaos sa Makati Science High School *grounds*, Hulyo 27.

Nagtanghal ang mga piling mag-aaral ng Maksci at maging ang Ipinapakita ang Lumalagong Sining at Yamang-Obrang Natatangi o ILUSYON, at Makati Science High School Chorale sa *farewell party* na idinaos. Nagpakita rin ng maikling bidyo tungkol sa karanasan ni G. Bulan bilang punungguro ng Maksci at nag-alay naman ng mga regalo at mensahe ang mga *batch president*.

*"He is a principal that has excelled in his profession but is so much more than that: an exceptional mentor, an inspiration and a father figure, deeply respected and loved by all of us. He has instilled a sense of discipline and responsibility to all of us and he will always be the principal who values the voices of the students,"* ang saloobin ni Elisha Vinarao, pangulo ng Maksci SSG.

SUNDAN SA PAHINA 3



**PAG-USBONG NG BAGONG KULTURA.** Sabik na sinalubong ng bawat isa si Gng. Eden Samadan bilang bagong punungguro ng Maksci.

*Pagsulong ng teknolohiya sa paaralan*

## MAKSCI, MAY ID SCANNER NA

Andrea Ysabel Potian Del Rosario

Kasabay ng pagpasok ng mga mag-aaral ng Mataas na Paaralang Pang-Agham ng Makati (Maksci) sa unang araw ng taong pampanuruan 2018-2019 ay ang pagtambad sa kanilang mga mata ng mga *ID Scanner* na bunga ng kolaborasyon sa pagitan ng *Supreme Student Government* (SSG) at *Information Technology Core Group* (ITCG).

Ginugol ng SSG ang perang mula sa mga donasyon noong Brigada Eskwela upang bumili ng dalawang *ID scanner* na nagkakahalagang P19, 332. Pinangunahan naman ng ITCG ang pagkonekta at pagprograma ng mga *ID scanner* at dalawalang lumang kompyuter.

Ipinakikita ng kompyuter ang mga impormasyon tungkol sa mag-aaral na nag-*scan* ng kaniyang ID gaya ng pangalan, baitang na kinabibilangan, larawan, at higit sa lahat ay ang dami ng beses na nahuli ito sa pagpasok.

Tinutulungan ng *ID scanner* hindi lang ang mga guro at mga mag-aaral, kundi pati na rin ang mga magulang upang bantayan ang oras ng pagpasok ng kanilang mga anak, alamin ang dahilan kung mahuli man at magawan ng tamang aksyon upang di na maulit. "Malaki ang nagawang tulong ng *ID Scanners* sa pag-mo-*monitor* ng mga mag-aaral na nahuhuli sa klase. Mas *accurate* ang oras na naka-*record* sa sistema kaya naman mas madaling ma-*regulate* ang mga *late*. Nakikita rin ang *empowerment* ng *technology* sa *students*," ang saloobin ni Elisha Vinarao, pangulo ng Maksci SSG.

Ayon kay Gng. Rowena A. Reyes, *Head Teacher III, TLE/ICT Teacher*, nagsimula ang ideya ng pagkakaroon ng mga *ID scanner* sa isang mag-aaral mula sa *University of Makati* (UMak) na nag-*on-the-job training*. Sa kadahilanang hindi nakahanay sa edukasyon ang kurso ng mag-aaral, pinag-isip na lamang siya ni Gng. Reyes ng maaari niyang maging pinal na gawain at dito niya iminungkahi ang pagkakaroon ng mga *ID scanner* sa Maksci.



## *Bagong kagamitan at pasilidad ng Maksci umarangkada*

Julla Marie Ornedo Saulon




**KAPIT-BISIG TUNGO SA PAG-UNLAD.** Bumida sa mga mag-aaral maging sa mga guro ng Maksci ang mga bagong pasilidad at kagamitan ng paaralan.

Isinakatuparan ang proyekto para sa pagpapaayos ng entablado, pagkakaroon ng bagong *speakers* at ilaw sa *court*, at pagpapatayo ng *General Parents-Teachers Association* (GPTA) office, ng Mataas na Paaralang Pang-Agham ng Makati (Maksci) sa tulong ng kolaborasyon ng GPTA, kooperasyong ipinamalas ng SSG, at suporta mula sa mga guro, mag-aaral at maging sa labas ng paaralan. Pinasinayaan ng mga opisyales ng GPTA ang mas pinagandang entablado ng Maksci na sinimulang ipaayos noong Pebrero, kung saan gumugol sila ng mahigit P100,000 mula sa

SUNDAN SA PAHINA 3




**HUWAG SUSUKO!** Bagamat hindi naging madali ang kanilang kinaharap, determinadong lumaban sina Brandes at Gallo na tumulong sa kanila upang pumailanlang sa taas.

# Brandes at Gallo, wagi sa Sineliksik

Alohna Nicole Mendoza

Namayagpag ang Mataas na Paaralang Pang-Agham ng Makati sa Pandibisyong Sineliksik 2018 na ginanap sa Nemesio I. Yabut Elementary School, Setyembre 18, laban sa apat na paaralang kalahok sa nasabing patimpalak.

Napasakamay nina Anluver Q. Brandes at Anne Kristine S. Gallo ng 12 - *Quisumbing* ang unang karangalan sa pamamagitan ng pagpapamalas nila ng kanilang kakayahan sa pag-arte at pag-*edit* ng *video*, sa pamamahala ni G. Luvy John Abanto Flores.

Itinanghal nila ang paggawa ng pelikula na may temang Milenyal: Mapagbagong Indibidwal, kung saan naglaan ng apat na oras para sa *shooting* at apat na oras muli para sa *editing*.

Gumanap si Brandes bilang aktor, manunulat at direktor habang si Gallo ang nangasiwa sa *videography* at *editing*. Bumida rin bilang aktor si Joshua T. Padua ng 12 - *Del Mundo*.

"Akala namin, hindi na kami mananalo pero sa dulo kami yung sinabi na *1st place*. Naiyak kami kasi napakaraming paghihirap yung pinagdaanan namin bago kami natapos," pahayag ni Brandes sa panayam ng ***Ang Kadluan***.

## *Bilang paggunita sa buwan ng agham*

# CAREER TALK MULA KAY MANG TANI, ISINAGAWA

Reingelyn Dueñas Frane

Nagdaos ang *Science and Technology Organization* (Sci-Tech Org) ng *career talk* bilang paggunita sa pagtatapos ng *Science Month* 2018, kung saan kanilang inimbitahan si Nathaniel "Mang Tani" Cruz, GMA *resident meteorologist*, upang maging tagapagsalita, na isinagawa sa Maksci *grounds*, Setyembre 21.

Inumpisahan ni Mang Tani ang *career talk* sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa mga bagyong tumama sa Pilipinas at sa pagbabato ng ilang katanungan na masigasig na sinagot ng mga piling mag-aaral.

Sinundan niya ito ng pagsasalaysay ng kaniyang mahigit 30 taong karanasan sa larangan ng meteorolohiya at ibinahagi niya rito ang kaniyang pag-alis sa *Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration* (PAG-ASA) upang tanggapin ang oportunidad na ipinagkaloob sa kaniya ng *Bureau of Meteorology in Australia*. Bukod pa rito, inihayag din niya ang dahilan ng kaniyang pagbalik sa Pilipinas at maging ang pagtanggap niya sa alok ng GMA upang maging *resident meteorologist*.

Bilang pagtatapos ng *career talk*, sinambit niya ang mga salita kung saan kinilala siya ng sambayanang Pilipino, "*I am ready.*"

Hinandugan ng Sci-Tech Org si Mang Tani ng isang *jacket* bilang pagkilala sa kaniyang husay sa larangan ng meteorolohiya at pasasalamat sa pagbabahagi niya ng kaniyang karanasang kinapulutan ng aral at panibagong kaalaman ng mga mag-aaral ng Maksci.

"Naging *very informative and passionate* niya *about sharing all his experiences, good and bad*, sa *profession* niya at kahit hindi ako interesado sa pagiging *meteorologist*, *it was an insightful talk* at nakatutuwa ang kaniyang *sincerity* sa mga mag-aaral habang nagsasalita," ang saloobin ni Carla Berino, isa sa mga opisyal ng Sci-Tech Org.



**BUHAY BILANG *METEOROLOGIST*.** Buong pusong ibinahagi ni Mang Tani sa mga mag-aaral ng Maksci ang daang kaniyang tinahak bago marating ang kinatatayuan niya sa kasalukuyan.

## *Laban sa ipinagbabawal na gamot*

# PAGASA sa Makati, inilunsad

Reingelyn Dueñas Frane



**INDAK, AWIT AT TANGHAL LABAN SA DROGA.** Masigasig na nagsasanay ang mga mag-aaral ng Maksci para sa dulang kanilang itatanghal sa UMak sa Disyembre.

Sinulong ng kolaborasyon ng *Department of the Interior Local Government* (DILG), *Department of Education* (DepEd), *Makati Anti-Drug Abuse Council* (MADAC), mga barangay at mga paaralan ang proyekto ng Lungsod ng Makati na kampanya laban sa iligal na droga na binigyang ngalan ng PAGASA sa Makati at binigyan ito ng kahulugan na PA - pananaw, paninindigan at pananampalataya, GA - galing at gawa, at SA - sarili at samahan.

Layunin ng kampanyang ito na maging mulat ang lahat ng kasapi ng komunidad sa mga hindi magandang naidudulot ng mga ipinagbabawal na gamot sa pamamagitan ng masining na paraan na pagbabahagi ng talento katulad ng pagbuo ng kanta at pagsagawa ng nga dula.

"Dapat kasi turuan ang mga bata *about drugs as early as possible* at mas importante na mapaunawa sa mga bata kung bakit may nagdodroga," ayon kay Rick Patriarca, *Scriptwriter/Resource speaker* ng PAGASA sa Makati.

Sinimulan ang *workshop* sa PAGASA sa Makati para sa taong pampanuruan 2018-2019 sa Mataas na Paaralang Pang-Agham ng Makati (Maksci), Agosto 18, kung saan inumpisahan ng mga mag-aaral at guro sa Makati ang pagsasanay para sa dulang kanilang itatanghal sa *culminating activity* na gaganapin sa University of Makati (UMak) sa Disyembre. Nagsagawa rin sila ng mga seminar kung saan tinalakay ang mga batas na kaakibat ng mga ipinagbabawal na gamot at mga karapatan ng kabataan.

Ayon kay Treasure Frias, mag-aaral ng Maksci at bahagi ng PAGASA sa Makati, "Sa tingin ko, magiging *effective* naman siya kapag nag-*start* na kaming magturo *outside the school since* mare-*raise* ang *awareness* ng mga tao, matanda man o bata, tungkol sa masamang epekto ng droga at kung ano ang mga maaaring gawin para makatulong sa isang taong lulong dito."

# G. BALINGASA, ULIRANG GURO SA FILIPINO

Angelo Bacale Alcudia at John Robbie Sumajit Laurio

"Ang wikang Filipino ang ating pagkakakilanlan, ito ang pinakakaluluwa ng ating bansa."

Ito ang binigyang-diin ni G. Jayfel L. Balingasa, guro sa Filipino 9 ng Mataas na Paaralang Pang-Agham ng Makati (Maksci) sa kaniyang mensahe sa isang maikling *video* nang siya'y gawaran bilang Ulirang Guro sa Filipino 2018, Lungsod Makati, na idinaos sa kampus ng Unibersidad ng Santo Tomas (UST) sa España, Maynila, Oktubre 1.

Tumanggap si G. Balingasa ng sertipiko ng pagkilala at medalya bilang tanda ng pagpapamalas niya ng kaniyang husay at angking talento sa loob ng silid-aralan.

"Hindi niya hinahayaan na matapos ang isang oras ng pagtuturo nang walang pumapasok sa isipan ng kaniyang mga tinuturuan," pahayag ni Rafael Anthony M. Melendez, estudyante ni G. Balingasa.

Isinasakatuparan ni G. Balingasa ang kaniyang pangarap na matutuhan ng mga mag-aaral ang wikang Filipino, hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi maging sa labas nito, sa pamamagitan ng pagtatag at patuloy na paglinang sa Teatrong Filipino na Ilusyon at pagsabak sa mga timpalak pangwika at pangkultura gaya ng *National Festival of Talents* para sa Interpretatibong Pagbasa.

"Mahalaga ang Filipino sa larangan ng pagtuturo sapagkat ito ang taal na wika ng mga Pilipino," ang saloobin ni G. Balingasa.



**BATANG BALAGTAS.** Kilala si G. Balingasa bilang bihasa sa loob ng silid aralan at maging sa aspekto ng wika at kultura, at sa pamamagitan nito, pinatunayan niya na karapat-dapat siyang itanghal bilang Ulirang Guro.

Bagong punungguro, sinalubong ... mula p. 1

Sa kabilang dako, buong puso namang tinanggap ng Maksci si Gng. Eden Samadan na nanungkulan bilang bagong punungguro ng paaralan, Hulyo 30.

"*I will be better today than I was yesterday.*"

Ito ang panibagong *motto* para sa paaralan na kaniyang sinambit sa harap ng mga mag-aaral at mga guro noong ika-20 ng Agosto, upang magbigay inspirasyon.

Dati nang naging punungguro ng *Nemesio I. Yabut Senior High School* at guro sa asignaturang Ingles si Gng. Samadan. Siya rin ay may angking kakayahan sa ICT.

"*She is fully aware of her responsibilities, legally strict & has a big heart for the welfare of the teachers,*" ayon kay G. Juvithson Apo, tagapayo ng SSG.

"Nais niya lamang mabawasan ang *stress* at hirap na ating nararanasan ngunit inaasahan ko na marami pa sanang mga proyekto, produksiyon at patimpalak ang kaniyang mapayagan upang patuloy na mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang mga talento at pagkamalikhain," pahayag ni Delfin Del Rosario, pangalawang pangulo ng Maksci SSG.

Proyekto ng Maksci ... mula p. 1

fund raising na kanilang isinagawa.

Pinangunahan naman ng *City Engineer's Office* ang pagkabit ng mga ilaw sa Maksci *court* noong Marso bilang tugon sa kahilingan ni G. Aver Sister kay Engr. Efren Ruiz Dapalla. Hangad nito na tulungan ang mga manlalaro sa pagpatak ng dilim.

Pinalitan din ang mga lumang *speakers* sa Maksci *grounds* noong Marso sa tulong ng *Makati City Hall* at GPTA, at Setyembre nang nagkabit ng mga bagong *speakers* sa kisame ng Maksci *Audio Visual Room* (AVR).

Lumikom ng pera ang GPTA upang gamitin sa pagpapatayo ng kanilang opisina na inumpisahang gawin noong buwan ng Agosto at nakumpleto sa katapusan ng Oktubre. Nagsimula silang maglipat ng mga gamit sa ikalawang linggo ng Nobyembre.

> *"Masasabing mas naging epektibo ang kalidad ng tunog at mas nauunawaan ng mga estudyante ang mga anunsyong iniuulat ng SSG," ani ni Bernette Gail Bautista, G10 Representative ng SSG. Dagdag pa niya "At kapag may mga pagtatanghal, mas maganda tingnan at panoorin dahil sa bagong itsura ng stage.*"



**TATAK BULAN.** Bagamat napuno ng lungkot ang bawat isa sa paglisan ni G. Bulan, mananatili ang Maksci bilang isang agilang ipinapagaspas ang pakpak upang lumipad paitaas.

### Bagsik ng Maksci, pinatunayan

## Maza, Melendez nanaig sa DFOT

Alohna Nicole Mendoza

Ipinamalas nina Rachel Kate B. Maza ng 10 - *Hertz* at Reagan Jay M. Melendez ng 11 - *Euclid* ang kanilang angking talento sa *Division Festival of Talents* na ginanap sa Nemesio I. Yabut Elementary School, ika 18-19 ng Setyembre.

Nasungkit ni Maza ang unang karangalan sa Pandibisyong Sulatanghal sa pamamagitan ng paglikha at pagpapakita sa entablado ng kaniyang piyesang pinamagatagang "Silahis ng Pagbabago" at sa tulong ng kaniyang tagapagsanay na si G. Oliver Borromeo.

Isinalaysay ng nasabing piyesa ang kwento ni Stella bilang pangunahing tauhan na sumusulat ng liham para sa kaniyang ina at isa sa mga liham na kaniyang isinulat ay tungkol sa isang babaeng kaniyang tinulungang magpursigi, na nagdulot ng malaking pagbabago.

"Hindi ko inaasahan na kaya ko rin palang magsulat kasi mas mahilig akong magtanghal sa entablado. Napakasaya kasi nailabas ko yung kakayahan na meron ako sa ganitong pagkakataon," ayon kay Maza.

Sa kabilang dako, bagamat unang salang pa lamang, nag-uwi si Melendez ng pilak bilang bunga ng kaniyang tiyaga at masusing pagsasanay sa ilalim ni Gng. Mary Ann Felicia Vidallo at G. Luvy John Abanto Flores.

Kaakibat ng temang #maypagasasapagbasa, tinalakay ni Melendez ang kahalagahan ng pagbabasa sa kinabukasan ng mga kabataan. Binigyan sila ng dalawang minuto upang maghanda at dalawang minuto sa pagsasalita.

"Sobrang gandang *experience* 'yon lalo na sa *first timer* saka nahahasa talaga ang paraan ng pagsasaayos ng mga ideya sa isip ng isang tao. Maganda rin kasi nagkaroon ng pagkakataon na malaman ang palagay ng mga kabataan sa mga nangyayari sa ating lipunan," ani Melendez.





**WALANG KAKUPAS-KUPAS.** Larangan man ng pagbigkas, pagsulat, o pagtanghal, hindi pahuhuli ang Maksci sa pagpapamalas ng angking kakayahan at sa paghakot ng mga karangalan.



**PATULOY NA MANANAIG.** Pinatunayang muli ng mga piling *campus journalist* ang kanilang husay sa larangan ng pagsulat, dahilan upang muling tanghalin ang Maksci na *overall champion* sa DSPC.

# MAKSCI, KAMPEON SA 5TH DSPC

Joshua Tungol Padua

Nanguna ang Mataas na Paaralang Pang-Agham ng Makati (Maksci) sa *5th Makati Division Schools Press Conference and Contest* (DSPC) na may temang "*Fostering 21st Century Skills and Character-Based Education Through Campus Journalism*" na ginanap sa Nemesio I. Yabut Elementary School at Benigno "Ninoy" Aquino High School, Agosto 20 at 23.

Iginawad sa Maksci ang *overall champion* na sinundan naman ng Colegio San Agustin Makati bilang *1st runner up* at ng Makati High School bilang *2nd runner up*, sa *awarding ceremony* na idinaos sa Makati Science High School *grounds*, ika-29 ng Agosto.

Nagkamit ng karangalan ang lahat ng kalahok ng ***Ang Kadluan*** at ng The Makati Science Vision:

| MGA KATEGORYA | ANG KADLUAN | | THE MAKATI SCIENCE VISION | |
|---|---|---|---|---|
| Pagsulat ng Balita/ News Writing | Kurt Russel Pardales | 6th Place | Jerome Clyde Machiya | 9th Place |
| Pagsulat ng Editoryal/ Editorial Writing | Beatrice Carel Luyun | 5th place | Paul Samson Topacio | 10th place |
| Pagsulat ng Lathalain/ Feature Writing | Karen Buena | 1st place | Angel Tasani | 7th place |
| Pagsulat ng Isports/ Sports Writing | Allex Roiman Bustamante | 4th place | Jomari Mariño | 1st place |
| Pagsulat ng Agham/ Science and Health Writing | Nicole Angela Aledro | 5th place | Angelo Josh Cuaresma | 3rd place |
| Pagsulat ng Kolum/ Column Writing | Vincent Raul Oliveros | 3rd place | Andres Bisenio | 3rd place |
| Pagwawasto at Pag-uulo ng Balita/ Copyreading and Headline Writing | Joshua Padua | 8th place | Pamela Ann Gloria | 6th place |
| Editoryal Kartuning/ Editorial Cartooning | Joshua Miguel Omugtong | 7th place | Angelo Flores | 7th place |
| Palarawang Pangulong Tudling/ Photojournalism | Maria Zoinah Lappay | 10th place | Vly Villegas | 6th place |

Sumabak ang mga nagwaging kalahok sa *Regional Schools Press Conference* na ginanap sa *Marikina High School*, Setyembre 26 at 27.

## Gallo at Go nagbigay-tulong gamit ang pananaliksik

Kurt Russel Zaragosa Pardales

Sumabak ang dalawang piling mag-aaral ng Makati Science High School sa pagbabahagi ng kanilang pananaliksik sa 2018 BE-MTS International Research Conference na ginanap sa San Carlos University, Main Campus, Cebu City, Abril 29 – Mayo 1.

Binigyang-diin nina Anne Kristine S. Gallo at Albert Thimothy M. Go sa kanilang pananaliksik ang mga gawi ng mga pinakamahusay na mag-aaral ng Maksci sa larangan ng Sipnayan, na may layuning magbigay tulong sa mga mag-aaral na nagnanais humusay sa Matematika.

Binigyang-pansin ng nasabing pagpupulong ang mga pangangailangan ng kabataan na may kaugnayan sa edukasyon sa Sipnayan. Pinangunahan naman ng mga piling tagapagsalita mula sa iba't ibang bansa gaya ng *Indonesia* at *Japan* ang *seminar* na isinagawa.

"*It was a new and enlightening experience because we, even as SHS students, were able to be a part of something that aims to address the current problems and issues in Mathematics that the youth are facing right now. Na-inspire* ako sa mga sinabi ng mga *guest speakers* sa mga *plenary sessions.* Nakakagulat na ang iba naming mga kasama ay mga *graduate* na tapos may mga may PhD pa," pahayag ni Gallo.




***TIPS AT TRICKS!*** Hangad ng pananaliksik nina Gallo at Go na matukoy ang mga gawi ng mga mag-aaral na mahuhusay sa matematika, na magsisilbing gabay at tulong sa mga mag-aaral na nagnanais humusay dito.

## Kahusayan sa agham, ibinandera ng Maksci

Sebastian Detal Jamero




**'YAN ANG TATAK MAKSCI!** Hindi nagpatinag ang pambato ng Maksci sa PSYSC at buong husay nilang ipinamalas ang kanilang galing at talento sa larangan ng agham.

Pinatunayan ng mga piling mag-aaral ang husay at abilidad ng makscian sa larangan ng agham sa *Philippine Science Youth Club Quiz Bee* bagamat unang pagkakataon pa lamang na sumabak ang Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati.

Sinungkit nina Paul Samon B. Topacio at Luiz G. Manarang ng 10 - *Einstein*, at Angelo Josh L. Cuaresma ng 10 - *Hertz*, ang ikalawang karangalan sa *final round* ng nasabing patimpalak na ginanap sa David Consuji Theatre, University of the Philippines Diliman, Setyembre 29.

Sumalang muna sina Cuaresma sa *national eliminations* na isinagawa sa Malayan High School of Science noong ika-8 ng Setyembre, kung saan nakipagtagisan sila ng talino laban sa 295 na paaralang nagmula sa iba't ibang panig ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagsagot ng limang *set* ng *practical examinations* at dito ibinatay ang 20 paaralan na tumuntong sa *final round*.

"*First of all overwhelmed* po kami kasi nakapasok po kami sa *top 20 out of 296 participating schools nationwide. Then* nung *actual contest* na po, *Top* 10 na lang po yung kukunin at hindi po naging madali yung *competition given* na kalaban po namin St. Jude at sampung Pisay. *In the end, thankful* po kami at nakapasok po kami sa *final round and even landing the 2nd spot just behind* St. Jude," pahayag ni Topacio sa panayam ng ***Ang Kadluan***.

## COLUMBRES, PALANCA AWARDEE

Karen Nañez Buena at Andrei Ross Mauricio De Jesus

"Isang kawalan sa sarili ang hindi pagsali."

Ito ang itinatak ni Maria Jamaica S. Columbres ng *12–Zara* sa kaniyang isip na nag-udyok sa kaniya upang lumikha ng piyesang pinamagatang "Gulugod sa Pagsibol ng Binhi" at lumahok sa *68th Carlos Palanca Memorial Awards for Literature* sa ilalim ng Kabataan Division na may temang "Paano mo hihikayatin ang mga kabataang Pilipino na magbasa pa ng mga aklat?"

Nakamit niya ang ikatlong gantimpala sa Kabataan *Division* at nakatanggap siya ng sertipiko ng pagkilala at *cash prize* sa *awarding ceremony* na idinaos sa *Manila Peninsula Hotel*, Makati City, Oktubre 5.

Mula sa mahigit 1000 piyesang inilahok sa naturang paligsahan, isa sa 56 na napiling akda ang obrang nilikha ni Columbres. Bukod pa rito, siya ay kabilang sa 28 manunulat, mula sa 54 na pinarangalan, na ginantimpalaan bagamat unang beses pa lamang lumahok sa nasabing timpalak.

Tinalakay niya sa kaniyang piyesa ang kahalagahan ng pagtatanim ng mga magulang, pamilya at mga guro, ng gawi sa pagbabasa sa isang taong nasa murang edad pa lamang, na ayon sa kaniya ay magbubunga ng kabataang intelektuwalisadong mananaig sa kabila ng modernisasyon.

Natamo ni Columbres ang gantimpala sa tulong ng walong taong karanasan niya sa larangan ng pagsulat kung saan nakapaloob ang mga hamon na kaniyang hinarap bilang manunulat, mga paligsahang kaniyang sinabak at mga parangal na kaniyang hinakot na bunga ng kaniyang pagpapatuloy. Ilan sa mga nakamit niya ay ang NSPC 2013 Ormoc City *1st Place*, NSPC 2016 *3rd Place* Koronadal City South Cotabato. NSPC 2017 Pagadian City, Zamboanga del sur *Qualifier*, at Teodoro F. Valencia NCR's *Most Outstanding Campus Journalist* 2018.

"Noong nagsisimula pa lamang ako, wala talaga akong kumpiyansa sa mga gawa ko. Madalas panalo, minsan talo at doon ako nasubok bilang manunulat na dapat lagi mong iisiping may mas magaling sa'yo. Pinagdudahan ko ang aking sarili sa tuwing bigo pero dahil gusto ko ang larangan, kinaya ko. Marami-rami na rin akong pagsasanay at ang pinakamahalaga doon ay ang *self-training*. Madaling huminto, mahirap magpatuloy," pahayag ni Columbres sa panayam ng ***Ang Kadluan***.



**KALIBRE SA PAGSULAT, IPINAMALAS.** Bunga ng walong taong pagsusumikap ang karangalang natamo ni Columbres nang siya'y gawaran ng ikatlong gantimpala sa 68th Carlos Palanca Awards.

## Manlapig, ibinandera ang kahusayan sa pagbigkas

Faith Vecido Camson

"Hindi uuwing luhaan."

Ito ang pinatunayan ni Ronaldo Miguel Manlapig ng *10-Faraday* at ni G. Oliver Borromeo, tagapagsanay, sa pagsungkit nila sa unang karangalan sa 19th BSP-DepEd NCR Taunang Pandibisyon sa Pagbigkas ng Talumpati sa Filipino na ginanap sa Nemesio I. Yabut Elementary School, Setyembre 20.

Binigkas ni Manlapig ang piyesang pinamagatang "Ang Milenyal", na tumatalakay sa kahalagahan ng pagiging mulat ng mga milenyal sa mga natatanging yaman ng Pilipinas upang mapaunlad ang turismo at maipakilala sa daigdig na ang Pilipinas ang 'Perlas ng Silanganan', na swak sa panlasa ng lupon ng inampalan.

"Lahat ng ito'y 'di ko magagawa kundi dahil sa mga guro na nagbigay-tiwala sa'kin, aking mga kaibigan at lalo na sa 10 - *Faraday*, kaya ang medalya na aking natamo ay 'di simbolo ng aking tagumpay, kundi simbolo ng aming tagumpay. Nakatutuwang isipin na sa pamamagitan lamang ng aking boses at pagtayo sa entablado ay nagawa kong maipagmalaki ang aking paaralan. Nanumbalik sa aking sarili ang hilig ko sa pagtatanghal at ngayo'y sabik na akong paunlarin pa ang aking mga kakayahan," pahayag ni Manlapig sa panayam ng ***Ang Kadluan***.

Sasabak muli si Manlapig sa puspusang pagsasanay bilang paghahanda sa panrehiyong lebel ng nasabing kompetisyon.



**GANTIMPALA NG MGA DALUBHASA.** Nagsagawa ng *contract signing* ang UPMMC upang ipagkaloob ang *scholarship* sa mga natatanging mag-aaral ng Maksci na nagpamalas ng kanilang husay sa sipnayan.

### *Sama-samang nagsanay, lumaban, at humakot ng parangal*

## HUSAY SA MATEMATIKA, MULING IPINAMALAS

Kurt Russel Zaragosa Pardales

Muling pinatunayan nina Jan Paul Bonifacio Aplacador at Miguel Angelo Pasco Gomez ng *11 – Euclid*, at John Robbie Sumajit Laurio ng *11 – Descartes* ang kanilang bagsik sa larangan ng Sipnayan sa pagkamit ng *scholarship* mula sa *University of the Philippines Mathematics Majors' Circle* (UPMMC) para sa taong pampanuruan 2018-2019.

Dumaan sa mahabang proseso ang mga mag-aaral bago kumuha ng pagsusulit na isinagawa sa *University of the Philippines Diliman Institute of Mathematics*, Setyembre 1, at mula sa mahigit 40 sumubok na sungkitin ang *scholarship*, silang tatlo ang matagumpay na nakakuha nito.

"Nakaka-*proud* kasi sobrang hindi namin inakala. Nagulat ako nung nalaman kong tatlo kami kasi sobrang laking *blessing*. Siguro *proof* 'yon na maganda yung turo sa *school*," pahayag ni Aplacador.

Inilabas ng UPMMC ang listahan ng mga iskolar noong ika-8 ng Setyembre at mula dito ay dama ang suporta at pagkahanga ng mga guro, kamag-aral at mga magulang nilang tatlo.

Isinagawa naman ang *contract signing* noong ika-22 ng Setyembre bilang tanda na sila'y susunod sa mga nilalaman at tuntunin ng kontrata upang mapanatili ang *scholarship*.

"Nakakatuwa kasi sa dami ng sumaling magagaling, ay kami ang napili at nabiyayaan ng *scholarship*. Sa tingin ko ay may mga nakakuha ng mas mataas na *score* kaysa sa amin pero dahil kaming *tatlo* ay hindi ganoon kayaman, kami ang napili at binigyan ng *scholarship* kaya masaya ako para sa amin kasi lubos itong makatutulong sa aming pag-aaral," ang saloobin ni Gomez.

Binigyan silang tatlo ng palayaw na "*Math lord*" sa kadahilanang *Junior High* pa lamang ay nagpapamalas na silang tatlo ng kanilang kahusayan sa Matematika sa pamamagitan ng paglahok sa iba't-ibang paligsahan gaya ng *Mathematics Teachers Association of the Philippines* (MTAP), *International Mathematics Contest* (IMC), *Philippine Mathematical Olympiad* (PMO), *International Competitions and Assessments for Schools* (ICAS) at *Australian Mathematics Competition* (AMC), na mas nagpalawak at nagpaunlad sa kanilang kaalaman at angking kakayahan.

"Isa itong patunay na natutulungan namin ang isa't isa na hasain ang aming kakayahan sa pamamagitan ng *friendly competitions*," ayon kay Laurio.

Layunin ng UPMMC sa pagbabahagi ng *scholarship* ang pagtaguyod sa kahusayan at pagpukaw sa kaisipan ng mga mag-aaral sa larangan ng Matematika.



# KARIMLAN NG KAHAPON, TANGLAW NG NGAYON AT BUKAS

***Ang paglimot sa ating madilim na kahapon ang susi sa pagpapatuloy sa ating kinabukasan. Sa kabalintunaan,mananatili lamang tayong bihag ng sarili nating nakaraan kung ipipilit nating iwaksi at itanggi ang masasalimuot na alaalang dala nito.***

Tunay ngang isa sa mga pinakamalagim na panahon sa ating kasaysayan ang martial law. Ang karima-rimarim na mga pangyayari noon ay tila isang sugat na hindi pa rin naghihilom para sa maraming Pilipino. Ito ay nagsimula sa rehimen ni dating Pang. Ferdinand Marcos at tumagal ng 20 taon. Ayon sa *Amnesty International*, mahigit kumulang 70,000 ang kinulong, 34,000 ang pinahirapan at 3,240 naman ang pinatay. Nakalulumong isipin na hindi lamang naliwanagan ng hustisya ang mga nabulok na bangkay.

Sa kasalukuyan, ang national amnesia ay tumutukoy sa tuluyang pagbaon sa limot ng ating bansa sa *Martial Law*. Matapos magpasa nina Ilocos Governor Imee Marcos at dating Sen. Juan Ponce Enrile ng *Certificate of Candidacy* para sa susunod na halalan sa pagiging senador, binigyang diin ni Sen. Risa Hontiveros ang pagtaliwas sa national amnesia sa darating na eleksyon matapos parehong kandidato ang tumanggi sa mga karumal-dumal na krimen at pag-apak sa mga karapatang pantaong naganap noong *Martial Law*.

Maituturing na kalbaryo ang mga alaalang iniwan ng *Martial Law*, kung kaya't mas pinipili ng ilan sa ating mga mamamayan na ibaon na lamang ito sa limot. Sinasabi rin na ang pag-alala rito ay isang balakid upang umusad tayo tungo sa pagbabagong inaasam. Sa kabilang banda, makaaahon lamang tayo kung tatatanggapin natin ng buo ang katotohanan sa ating kasaysayan. Hihilom lamang ang mga sugat ng nakaraan kung kikilanin natin lahat ng mga nagapi, bibigyang pansin ang mga inalipustang karapatang pantao at makikinig sa iba't-ibang boses at kwento ng hinagpis at pagbangon. Balik-balikan natin ang lahat ng mga ito hanggang sa mabuksan ang ating mga puso't isipan.

Hindi katanggap-tanggap ang *national amnesia* sapagkat kaakibat ng mapait na kahapon ang mga aral na ating natutunan. Hindi maglalagablab ang mga nagpupuyos na damdamin kung hindi tayo namulat sa katotohanan noon. Hindi maaalis ang tanikala sa ating mga bibig kung walang nangahas na tumaliwas sa rehimen at magrebolusyon. Hindi natin makakamit ang kalayaan kung patuloy lang tayo magiging mangmang at sunod-sunuran. Lahat ng ito'y naganaap dahil natuto tayo. Ang kaalaman na ating natamo mula sa mga pagkakamali ang siyang naging sandata natin upang magkapit-bisig at sabay-sabay na makamit ang demokrasya. Ang pagbabalik-tanaw sa mga alaala ng kahapon ay gabay natin upang ang nakaraan ay hindi na maging hinaharap pa natin.

Bilang mga mag-aaral, tayo ay may tungkulin sa bayang sinilangan. Mahalagang may kaalaman tayo sa ating kasaysayan sapagkat tayo ang magpapasa ng mga pamana ng nakaraan sa susunod na henerasyon. Sa pagtungtong natin sa wastong edad, bitbit ang ating karunungan, tayo'y boboto sa halalan at maglululoklok ng karapat-dapat sa pwesto. Isang tao na may pagpapahalaga  sa demokrasya at hindi magaala-Poncio Pilato na itatanggi ang katotohanan mahugasan lamang ang kanyang mga kamay alang-ala sa kanyang pangalan. Muli nating ibalik ang pag-asa sa ating bayan na minsang nang nalugmok sa kadiliman.

Ang paggunita sa bangungot ng kahapon ay hindi nangangahulugang nakagapos pa rin tayo sa ating nakaraan. Patuloy pa rin nating tinatahak ang landas tungo sa pagbabago, subalit paminsan-minsan humihinto tayo at sa ating paglingon, isang ngiti ang masisilayan dahil tiwala na tayo mula sa bawat aral at kwento, aahon tayo mula sa karimlan at magigisnan ulit ang maliwanag na kinabukasan.

Ang KADLUAN
Opisyal na Pahayagan sa Filipino ng Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati
Kalayaan Avenue, Barangay Cembo, Lungsod ng Makati, Pilipinas

**Nicole Angela Lerma Aledro**
Patnugot
**Beatrice Carel Salonga Luyun**
Pangalawang Patnugot
**Vincent Raul Onofre Oliveros**
Tagapamahalang Patnugot
**Kurt Russel Zaragosa Pardales**
Patnugot sa Balita
**Allex Roiman Ingaña Bustamante**
Patnugot sa Isports
**Karen Nañez Buena**
Patnugot sa Lathalain
**Andrei Ross Mauricio De Jesus**
Patnugot sa Agham at Kalusugan
**Maria Jamaica Siano Columbres**
Patnugot sa Panitikan
**Joshua Tungol Padua**
Pagwawasto at Pag-uulo
**Anne Kristine Saludes Gallo**
**Riana Francine Ciscar Tario**
**Julianne rose yumo reyes**
**Bianca Nicole Babila Angcanan**
**Joshua Miguel De Castro Omugtong**
**Aaliyah Nicole Canizares Ybera**
Paglalapat at Disenyo
**Charwynn Aaron Liday Apolinar**
**Riona Chari Maestro Sison**
Potograpiya

**Bianca Camille Santiago Alisla**
Tagapayo
**Belina de los Santos Cano**
Tagapag-ugnay sa Filipino
**Eden Fredeluces Samadan**
Principal I

MUNI-MUNI

> *"Pinapakita rin nito na ang tunay na edukasyon ay hindi natatapos sa apat na sulok ng silid-aralan bagkus maisasabuhay ito sa realidad ng lipunan."*



## Ang Tinig ng Pagbabago

**Nicole Angela Lerma Aledro**

***Sumisigaw na ng pagbabago ang plakard ng kabataang PIlipino hinggil sa baluktot na pamamalakad ng pamahalaan. Isang hudyat ito na pati ang mga mag-aaral ay hindi na nagpapatinag at nagsusumamo sa mga bulok na patakarang isinusulong ng gobyerno.***

Nagulantang ang mga buwaya sa kanilang ikinauupuan nang masilayan ang unti-unting pagkabuwag sa mga barikadang kanilang itinayo para sa mga hindi papaawat na raliyista partikular na ang kabataan. Iba't-ibang angil na ang natatamo ng mga etudyandteng aktibista dahil kung hindi sila na sa silid-paaralan, madalas ay nasa kalasda sila upang ipabatid ang kanilang tinig sa ating lipunan. Madalas silang nababansagan na mga rebelde at nagbubunga lamang ng matinding kaguluhan at trapiko sa kalsada. Sa kabilang banda, maingay nga ba sila o sadyang nagbibingi-bingihan lamang tayo sa tunay na tinig na kanilang gustong iparinig sa taongbayan?

Ang "*youth activism*" ay ang pagiging mulat ng kabataan at bahagi ng pag-alsa laban sa bulok na sistema ng kanilang paaralan o di kaya sa mga isyung panlipunan. Una itong nasilayan noong panahon ng *Martial Law* matapos mahimok ang mga mag-aaral na kumilos upang matuldukan ang rehimen na ito. Simula noon naging tahasan na ang pagsali ng mga kabataan sa ganitong uri ng kilusan; bitbit ang kanilang mga plakard, mga nakataas na kamao at sabay-sabay silang makikibaka tungo sa pagbabago. Bilang pakikiayon sa modernong panahon, nagagamit na rin ng kabataan ang *social media* upang ibahagi ang kanilang karanasan at mas makahimok pa ng ibang kabataan na makisala  at makialam.

Ang kabataan ay ang pag-asa ng bayan. Ang paglulunsad nito ay manipestasyon na handa ang kabataan upang maging boses ng mga pipi at mata upang mamulat sa hubad na katotohanan ng ating lipunan. Bilang kapwa nilang Pilpino, bigyan natin sila ng kalayaan maisatinig ang kanilang hinaing at maipahayag ang kanilang nagpupuyos na damdamin. Kung kaya't hindi sila maituturing na balakid sa taongbayan, bagkus ay nagsisilbi silang panawagan kay Juan para kumilos sa mga isyu ng ating bansa.

Ipinapakita rin nito ang pagkakaroon ng pakialam ng kabataan sa ating lipunan. Dito naipapakita na may tungkulin ang bawat isa sa atin upang maging bahagi ng solusyon sa bawat suliraning kinakaharap ng ating bayan. Pinapakita rin nito na ang tunay na edukasyon ay hindi natatapos sa apat na sulok ng silid-aralan bagkus maisasabuhay ito sa realidad ng lipunan.

Sa mga lumalalang suliranin ng ating bansa, nararapat lamang na dinggin ng pamahalaan ang hinaing ng kanilang mamamayan. Nakasisiyang isipin na karamihan sa ating kabataan ay buong tapang na ipinaglalaban ang natatapakang karapatan ng sambayanang Pilipino dahil sa mga pulpol na sistemang ipinapatupad ng mga opisyales.

Bilang mga mag-aaral, ang ating munting tinig ay mabisang sandata para mawasak ang kadenang ibinusal sa bibig ng taumbayan. Gisingin natin ang natutulog na diwa ng ating kababayan upang mawaksi ang mga nakasusulasok na gawi ng pamahalaan at tulungang makabangon si Inang Bayan. Hawak-kamay, taas noo at determinadong tinig, sama-samang tayong makibaka.

Sa gitna ng ingay at sigawan, isang tinig lamang ang nangingibabaw; ang tinig ng pagbabago.

# EDITORYAL

Nicole Angela Lerma Aledro
*Patnugot*

ALIMBUKAD



> *Kung tatanggalin natin ang piring sa ating mga mata, makikita natin ang katotohanang tayo mismo ang humahadlang sa kaalamang magiging instrumento sana sa magandang kinabukasan.*

## Alila ng Kulturang Mangmang

**Roselyn Capistrano Mariano**

***Bagamat tayong mga Pilipino ay nakilala sa pagiging malikhain, palakaibigan, may takot sa Diyos, at malapit sa pamilya, hindi maikakaila na kahit gaano kaganda ang salamin ay mayroon itong lamat. Mayroon tayong mga negatibong pag-uugali na mahirap maiwaksi, tulad ng kawalan ng disiplina, crab mentality, at ang unti-unting lumalason sa perspektibo ng mga taong bulag sa katotohahanan at mulat sa maling paniniwala, ang smart-shaming.***

Sa kasalukuyan, hindi na bago sa ating pandinig, lalo na ng mga estudyante, na makarinig ng mga salitang, "Teka lang, nakakanosebleed ka naman!", "Edi ikaw na! Bida-bida ka eh!", "Masyado ka kasing matalino, pagpasensyahan mo na, hamak na bobo lang." Tila ba ang pagiging hunghang ay dapat ipagpasalamat, at ang pagiging masyadong matalino ay maituturing na kasalanan. Sa madaling salita, ang kultura ng *smart-shaming* ay isang akto ng pamamahiya o pagbara sa taong mas matalino kaysa sa iba – dahil lang sa pagtama ng maling bokabularyo, pagsasalita ng malalim na Tagalog o ibang lenggwahe, o pagmumungkahi ng ideya tuwing may mga proyekto at pangkatang-gawain. Nakalulungkot isipin na kahit sa paaralan nagmumula ang karunungang natutunan natin, ito rin ang nagsisilbing tahanan ng bulok na kulturang ito.

Subalit, hindi lamang sa paaralan mapapansin ang pagsasabuhay ng *smart-shaming*, kundi pati na rin mismo sa ating politika. Isang halimbawa nito ay ang pagtakbo ni Senador Santiago laban kay Fidel V. Ramos, may mga haka-hakang sinasabi na may direktang ugnayan ang kanyang pag-uugali sa kanyang katalinuhan. Gayundin, napupuna si Gloria Macapagal-Arroyo bilang isang politikong "matalino nga, *corrupt* naman". Taliwas ito sa dating Pangulong Erap Estrada na pinagmamalaking napatalsik siya sa paaralang pinapasukan niya noong siya'y nag-aaral pa. Ipinangangalandakan ni Senator Lito Lapid na nakabuo siya ng pangalan sa larangan ng politika kahit siya'y ignorante sa ganitong usapin.

Sa pamamagitan din ng *smart-shaming*, nababago ang ating kasaysayan ng mga huwad at di makatotohanang impormasyon, kung saan nilalason nito ang isipan ng mga taong hindi gaanong maalam sa kasaysayan. Sa ating bansang kung saan isa sa bawat sampung Pilipino na may edad anim hanggang dalawampu't apat ay *"out of school child and youth"*, hindi nakapagtataka na madaling magtagumpay ang "*revisionism*". Isang halimbawa nito ay ang mga naglipana sa Facebook katulad ng kuwento ng Batas Militar na binabahiran ng kasinungalingan at gawa-gawang kuwento.

Wala tayong kultura ng intelektwalismo sapagkat pinapahalagahan natin ang kultura ng kaignorantehan. Kung patuloy nating hihilahin pababa ang mga taong mas may dunong sa atin, pinapatunayan lamang nito na hindi tayo marunong tumanggap ng ating pagkakamali; na magdudulot sa atin na hindi umunlad. Paano uunlad ang Pilipinas kung tayo mismo ay pinipigilan ang ating kapwa na maabot ang kanilang potensyal?

Ang kultura ng *smart-shaming* ay parang isang epidemya na dapat mapuksa sa lalong madaling panahon. Kung tatanggalin natin ang piring sa ating mga mata, makikita natin ang katotohanang tayo mismo ang humahadlang sa kaalamang magiging instrumento sana sa magandang kinabukasan.

---

ADHIKAIN

> *Kung tunay nga para sa kapakanan ng taumbayan ang adhikain ng pamahalaan, maaari ipatupad ang batas militar sa paraang walan tinatapakang karapatang pantao.*



## Pahina ng Nakaraan

**John Michael Rayos**

***Umani ng samot saring reaksiyon mula sa taumbayan ang proklamasyon ni Pangulong Duterte hinggil sa pagpapatuloy na pagsasailalim sa Batas Militar ang buong Mindano matapos ang sagupaang naganap sa lungsod ng Marawi. Ito'y sa kadahilanang upang panatilihin na paigtingin ang seguridad at kaligtasan ng ating mga kababayan sa Mindanao. Kaakibat nito ay agam-agam sa taumbayan ang idolohiyang maaaring muling maulit ang pahina ng kahapon, sapagkat nakatatak pa rin sa diwa ng mamamayang Pilipino ang dahas at pasakit na dulot ng Martial Law sa ilalim ng rehimeng Marcos.***

Sang-ayon sa Artikulo VII, Seksyon 18 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, ang batas militar o ang pagsuspinde ng *Writ of Habeas Corpus* ay maisusulong lamang kung nanganganib ang kapayapaan ng mga mamamayan dahil sa rebelyon o kaguluhan. Maituturing ito na isa sa pinakamadugong pangyayari sa ating kasaysayan. Ayon sa *Amnesty International*, 70,000 na katao ang ikinulong, 34,000 ang pinahirapan at 3,200 ang pinatay.

Ngunit, sa kabila ng pagdanak ng dugo, hindi maikakaila na malaki ang naging kontribusyon nito sa ating nasyon. Ilan lamang dito ang *Light Rail Transit* (LRT) na nagpadali ng transportasyon sa Pilipinas, pagpapatayo ng *Philippine Health Center at Lung Center of the Philippines* na nagpayabong ng serbisyong pangkalusugan, at higit sa lahat, ang pagdidisiplina sa bawat mamamayan.

Hindi matatawaran ang pang-aabuso sa kapangyarihan ng *Martial Law* ng Admistrasyong Marcos. Masasabi nating sa mga panahong ito ay wala pang kongreso at senado na magbubusisi sa *Martial Law*. Sa ating kasalukuyan panahon, nirebisa ang nilalaman ng Batas Militar sa 1973 Konstitusyon at isinaayos sa 1986 Konstitusyon. Nararapat lamang na handa na tayong iwasto ang maling nasimulan na batas hinggil sa *Martial Law* at matuto na tayo mula sa mapait na nakaraan.

Sadya ngang kalbaryo ang dulot ng *Martial Law* sa panahon ng mga Marcos, taliwas naman ito sa ating kasalukuyang administrasyon. Ayon kay Pangulong Duterte, mas bumaba ang kriminalidad sa pag-iral ng Batas Militar. Itinala na higit 1,100 na katao ang namatay, na kung saan karamihan dito'y mga terorista. Tunay ngang naging instrumento ang pagsasakatuparan ng Batas Militar sa panunumbalik sa kapayapaan ng siyudad ng Marawi.

Masisiyasat ng sandatahang lakas kung lehitimong mamamayan ng Marawi o kung ito ay isang terorista. Sa ganitong paraan, mas napapaigting ang seguridad ng mga Maranao at ito rin ang naging susi sa kalayaaang kanilang tinatamasa sa kasalukuyan nilang pamumuhay na muntik ng malugmok sa mga kamay ng mga teroristang ganid sa kapangyarihan. Sadyang malaki ang papel nito sa pagpapalawig ng rehabilitasyong isinasagawa sa nasabing lungsod. Totoong nangibabaw ang kapayapaan sa loob ng Mindanao.

Bagama't may mangilan-ngilan pang terorista sa Marawi ang patuloy pa ring tinutugis ng mga militar, masasabi na ang pagpapatupad ng *Martial Law* sa Mindanao ay mabisang paraan upang mapangalaagan ang kapakanan ng ating mga kababayan. Kung ang ating bansa ay malagay muli sa banta ng terorismo, nararapat lamang na pangalagaan ng pamahalaanan ang kanyang mamamayan. Bigyan ng proteksyon laban sa mga teroristang tanging hangad ay maghasik ng kaguluhan. Kung tunay nga para sa kapakanan ng taumbayan ang adhikain ng pamahaalaan, maaari ipatupad ang batas militar sa paraang walang tinatapakang karapatang pantao.

Huwag abusuhin ng ating mga magigiting na sundalo ang kapangyarihang ipinagkaloob sa kanila ng ating pamahalaan bagkus, isapuso't tuparin nila ang kanilang sinumpaang tungkuling pangalagaan ang kanilang mga mamamayan. Manindigan sila ng naaayon sa kung ano ang ipinatutupad ng Batas Militar ng sa ganun mabawasan ang pag-aalinlangan ng taumbayan hinggil sa usaping ito. Masidhi nilang ipakita ang kanilang tapat na hangaring panatilihin ang kapayapaan ng bansang Pilipinas upang ang bangungot ng batas militar sa mga nakalipas na panahon ay hindi na maiugnay pa sa kasalukuyang henerasyon.

---

METAMORPOSES



> *Bilang mga mag-aaral, nararapat na imulat natin ang isa't isa tungkol sa mga kasalukuyang isyung panlipunan. Kinakailangang pukawin ang pag-iisip ng kabataan.*

## Pilipinas: Game ka na ba sa Federalismo?

**Angelo Bacale Alcudia**

***Hindi dapat basta-bastang isubo ang federalismo kay Juan sapagkat kulang ang isang gabi para isulong ang pagpapalit sa Konstitusyon. Naaayon ito sa Pilipinas sapagkat ito'y isang kapuluan subalit tunay nga bang handa na ang taumbayan sa kalalabasan ng federalismo?***

Ang federalismo ay isang anyo ng gobyerno na kung saan ay magkakaroon ng mga *federal states* na may kakayahang gumawa, maglitis at magpatupad ng sariling batas. Sila ay may awtonomiyang pangasiwaan ang pagpapasiya at pangongolekta ng sariling kita at pondo ngunit hindi kinakailangang ipadala sa Metro Manila, ang basehan ng *national government*. Taliwas ito sa kasalukuyang unitary government ng Pilipinas, kung saan ang pamahalaan ang pangunahing nagpapatupad ng batas at nagpapasiya sa pagbubuwis.

Ayon sa nakalipas na sarbey ng *Social Weather Stations* (SWS), lumalabas na 25% lamang ng mga Pilipinong may sapat na gulang ang may alam tungkol sa federalismo. Isang pahiwatig na hindi sapat ang kamalayan ng mga Pilipino pagdating sa paksa. Hindi dapat madaliin ang pagbabago sa anyo ng pamahalaan sapagkat malaking buwis ang kaakibat nito. Ayon sa Ang Masa, tinatayang P285-P466 milyon ang gugugulin ng bawat sesyon ng 11 *federal state* at 1 *administrative region*.

Mawawalan ng kaayusan ang nasyon - bigyan ba naman ng kakayahang gumawa ng batas ang bawat estado. Hindi lahat ng rehiyon ay may kakayahang magsarili. Kung mapalitan man ang kasalukuyang sistema, hindi tayo siguradong uunlad ang buhay ng mamamayang Pilipino. Walang kasiguraduhang handa ang pamahalaang sugpuin ang mga lilitaw na suliranin. Mas paiigtingin lamang nito ang *political dynasty*. Walang katiyakan na kayang panghawakan ng mga itatalagang estado ang kanilang awtonomiya. Lalo lamang mag-aalsa ang oposisyon - o di kaya'y mahiwalay pa tayo sa isa't isa.

Malaki ang papel ng gobyerno partikular na ang *Presidential Communications Operation Office* (PCCO) sa pagpapalaganap ng kamalayan ukol sa plataporma ng pangulo. Tiyakin munang kayang magsarili ng bawat lalawigan. Ang mahihirap na rehiyon, malamang sa malamang, ang pinakaapektado liban na lamang kung lilimitahan ang kanilang awtonomiya. Sunod ay ihanda ang bansa sa nagbabadyang *hyperinflation* dahil sa mga nakatakdang programa ng pamahalaan. Ang pagpapalit ng Konstitusyon ay kinakailangang dumaan sa masinsinang pag-aaral; siyasating maigi ang iminumungkahing sistema. Importante ring maisaayos ang pagtatayo ng mahalagang imprastraktura.

Bilang mga mag-aaral, nararapat na imulat natin ang isa't isa tungkol sa mga kasalukuyang isyung panlipunan. Kinakailangang pukawin ang pag-iisip ng kabataan. Mahalaga ang ating tinig at mayroon tayong karapatang marinig ng taong-bayan. Importanteng may kamalayan tayo upang magkaroon ng konkretong opinyon ukol sa federalismo. Tayo ay may malaking papel sa magaganap na pagbabago.

Ang pagbabagong inaasam ng sambayanang Pilipino na magpapaunlad sa Inang Bayan ay maaaring magmula sa tulong ng pagbabago sa Konstitusyon, subalit kung ito'y pag-uugatan lamang ng samu't saring suliranin, nararapat na pag-isipang mabuti ang pagsasakatuparan ng federalismo.

---

## LIHAM SA PATNUGOT

**Sa Patnugot,**

Nais kong ipahayag ang buong puso kong pagkilala sa husay at katapatan na inyong ipinamalas sa pamamahayag. Saludo ako sa inyong dedikasyon, tiyaga at pagsusumikap, upang ihayag ang mga pangyayaring kinasabikan ng buong paaralan. Nawa'y inyong ipagpatuloy ang pagbibigay inspirasyon sa mga mag-aaral at pagpapalaganap ng mga kaalamang tunay na kapupulutan ng mga aral.

Lubos na sumasainyo,
**Hazzelle Mae Villedo, 12-Nebres**

**Hazzelle,**

Taos-puso kaming nagpapasalamat sa iyong pagsuporta at pagpapahalaga sa Ang Kadluan. Isang malaking pribilehiyo sa aming mga manunulat na malamang nagsisilbi kaming inspirasyon sa kapwa naming mga mag-aaral. Kaugnay nito, makaaasa ka na ang buong patnugot ng Ang Kadluan ay patuloy na gagampanan ang responsibilidad na iniatang sa amin.

Lubos na gumagalang,
**Patnugutan, Ang Kadluan**

Ang KADLUAN

*Para sa anumang komento, o suhestiyon, magpadala lamang ng email sa*
**AngKadluan@gmail.com**

# Pag-alpas

Karen Nañez Buena

*Ibon mang may layang lumipad, kulungin mo at umiiyak. Bayan pa kayang sakdal-dilag ang 'di magnasang makaalpas. Pilipinas kong minumutya—pugad ng luha at dalita. Aking adhika makita kang sakdal laya.*

- *Bayan Ko* ni Freddie Aguilar

**Walong taong gulang**

Ang malamyos na himig ng iyong ina'y dumadaloy sa magkabila mong tenga nang ika'y kanyang inawitan bago matulog. Bago tuluyang sumara ang maliliit na mata, naalala mo ang sinabi ni inay kaninang umaga.

"Anak, paglaki mo, gusto ko maging doktor ka."

**12 taong gulang**

Doktor. Isa sa mga libong propesyong hindi mo pa gaanong nauunawaan pero tinalo nito ang pagnanasang maipagmalaki ka ng mga magulang mo balang araw. Kaya kahit musmos pa lamang, puspusan na ang pagsusunog mo ng kilay. Hanggang naaaninag pa ang bawat letra, patuloy kang magbabasa ng mga leksyong tinuturo sa eskwelahan.

**14 taong gulang**

Ngunit napagtanto mong hindi lahat ng makabuluhang aral ay tinuturo sa malaparaiso mong paaralan. Sa murang edad, namulat ka sa mapait na katotohanang hatid ng mapang-aping lipunan. Ang mundo'y hindi pala umiikot sa mga librong hindi mo mabitaw-bitawan.

Nang subukan mong umunat mula sa pagkakayuko, iyong nasaksihan ang kwento ng bawat taong dumaraan. Kwento ng batang ilalim ng tulay ang nagsisilbing tirahan. Kwento ng pamilyang pinaghahatian ang kapiranggot na ulam bilang pagkain sa buong magdamag. Kwento ng hinagpis ng lola na walang awang ninakawan ng apo dahil sa digmaan sa droga. Kwento ng poot ng amang hindi mabigyan ng nararapat na hustisya ang nahalay na dalagang anak.

Ika'y nabigo sapagkat nais mo talagang gumawa ng kahit anong paraan para maibsan ang mga nararamdaman ng bida sa kwentong iyong natunghayan. Ngunit sabi nga ng matatanda, ika'y bata pa lamang. Wala pang kapangyarihang kumilos at makagawa ng pagbabago.

**16 taong gulang**

"Ma, Pa, pasensya na. Ayaw ko pong maging doktor."

Sa dalawang taong pagpatak ng bawat segundo, mariin mong pinag-isipan kung paano ito ipagtatapat sa minamahal na magulang. Ngayong sa wakas ay nagkaroon ka na ng lakas ng loob, nangyari nga iyong inaasahan—nabigo sila sa iyo. Bakas sa bawat linya ng kanilang mukha ang lungkot at pagtataka sa siyam na salitang lumabas sa labi mo.

Ngunit nanaig pa rin ang iyong desisyon sa kabila ng kanilang daing. Namulat na iyong mga mata sa realidad ng buhay na tinatamasa ng bansa at maituturing na malubhang kasalanan ang pagpikit muli nito. Dulot ng bugso ng damdamin, ibig mong maging instrumento ng pagbabago para sa bansa. Oo, mahal mo ang iyong mga magulang. Ngunit mas mahal mo ang iyong bayan.

**18 taong gulang**

Walang sawa mong sinabi sa sarili mo noon na hindi mo na ulit hahayaan ang iba na magdikta at mag-ukit ng sarili mong kapalaran. Ngunit nang tahakin mo ang unang hakbang sa daang nililikha, pinalibutan ang puso mo ng takot. Sa bawat tibok nito'y kaagapay ang panibagong tanong sa isip—nasa tamang landas ba ako?

Tila'y isa kang ibon na nasanay na sa kanyang engradeng kulungan. Nang makatapak ka sa kabilang panig ng rehas, takot at pandududa ang pumigil sa'yo para makalipad papalayo sa iyong nakagisnan. Pangangamba ang naging dahilan para ikaw ay panghinaan ng loob at tuluyang sumuko.

**20 taong gulang**

Pinagmamasadan mo ang hiwaga ng kalangitan. Ano kaya ang nararamdaman ng mga ibon sa tuwing sila'y lalayag? O kay sarap sigurong lumipad at langhapin ang simoy ng kalayaan. Ibig mo ring maging alpas ngunit lingid sa iyong kaaalaman, natamo mo na ang inaasam-asam simula noong kumawala ka sa kagustuhan ng magulang at piniling magtayo ng sariling landas.

Matikas ang tindig at ang kanang kamay ay nakahawak sa dibdib, buong puso mong inawit ang Lupang Hinirang. Mula sa mapayapang liwanag ng kalangitan, nabaling ang tuon mo sa asul, pula, at dilaw na kulay ng pambansang watawat. Sa sandaling iyon, naramdaman mo ang pananalaytay sa dugo ng diwang makabayan. Hindi malinaw ang naging dahilan ng iyong pagsuko ngunit malinaw ang rason ng iyong pagbangon.

**24 taong gulang**

Umaalingawngaw ang iyong saya sapagkat sa wakas, narating mo na ang iniibig mong propesyon. Sa wakas, may kapangyarihan ka na para magsagawa ng kahit kaunting pagbabago. Sa wakas ay mapagsisilbihan mo na rin ang inang bayan at unti-unti ay tutuparin ang pangakong tinangi sa kanya.

"Pangako, mamatay akong may watawat ng Pilipinas sa kabao ko."

Katulad ng isang ibon, ikaw ay isang milenyal na malayang lilipad at uukit ng sariling daan tungo sa tagumpay, hindi lamang ng iyong sarili, kundi ng bansang nagkupkop sa iyo. Iaalay mo ang buong lakas para bayang sakdal-dilag na nagnanasang makaalpas. Madarapa ka man sa iyong paglalayag, patuloy ka pa ring babangon para makapaghubog ng payapang mundo sa mga magmamana; pagbabakasakaling kanilang pahahalagahan ang tamis ng kalayaan.



### Makabagong Mukha ng Karilagan

Sa unang palapag pa lamang ay nabusog na ang aking mga mata nang ilapat ko ito sa simboryo at pinakamalaking haligi na sumusuporta sa buong gusali—ang *Tree of Life*. Mistula itong puso dahil sa mga hagdang nakakabit at nakapalibot dito na nagbibigay naman ng kanlungan sa mga turista. Maaaring simple't payak ang naging pangunahing tema ng disenyo ng museo, maaliwalas naman ito sa mga mata at hindi ito mapapantayan sa napakaraming *artifacts*, kaalaman, at mga kwento ng kasaysayan at iba pang mahahalagang bagay na hatid ng museo.





### Kasaysayang Umukit sa Bawat Mamamayan

Ang mapa na ginamit ng mga kauna-unahang kastila upang maglayag sa karagatan at ang mga instrumentong ginamit ni Charles Darwin upang magawa ang kanyang *Theory of Evolution* ay iilan lamang sa mga nakamamanghang imbensiyon at teorya na matatagpuan sa ikalawang palapag na nakatuon sa kontribusyon ng mga natatanging tao sa iba't ibang larangan. Bukod pa rito, makikita rin ang mga labi ni Lolong, ang pinakamalaking *saltwater crocodile*, na naglalayong magbigay kamalayan sa bawat Pilipino patungkol sa Wildlife ng Pilipinas.





# BAKAS NG INIWANG MGA PAMANA

Reinhard Christian John Alday Macapagal

**Sa bawat hakbang na aking ginagawa, magkahalong saya at kaba ang aking nararamdaman. 'Di ko alintana ang pagod at matinding init dulot ni haring araw sa pag-akyat sa matarik na hagdan patungo sa naghihintay na grandiyosong pintuan ng museo. Ibang mundo ang nasaksihan ng aking mga mata nang ako'y papasok sa loob dahil sa mga disenyong masusing iniukit sa bawat malalaking kahoy na pinto at sa mga eleganteng aranya na hindi lang nilagay upang magbigay liwanag sa lahat ng mga tao na maglalakbay sa museo kundi ito rin ay nagdaragdag ng kagandahan at rangya sa disenyo ng buong gusali. Ito ay ang *National Museum of Natural History* na matatagpuan sa Rizal Park sa Maynila, na nagbukas sa publiko noong Mayo 18, 2018; ang kauna-unahang museo na aking narating sa 15 taong pamamalagi ko sa mundo bilang tao.**

Ang museo ay binubuo ng apat na palapag na bukas para sa publiko. Bawat palapag ay mistulang lagusan, daan upang marating, madama, masaksihan at maranasan ang kakaibang ganda ng iba't ibang kakatwang bagay na maghahatid sa atin ng kaalaman at inspirasyon sa iba't ibang aspekto ng kariktan, hindi lamang ng Pilipinas, kundi ng buong mundo.




## Pamanang Tungkulin

Prins Eunice Bautista Cicat

***Bakit nga ba kailangang mayroong mamatay para sa kalayaan ng bayan?***

Sa bawat marikit na aspektong ipinakita ng *Goyo: Ang Batang Heneral*, may natamo akong samu't saring aral at ang pinakanatatangi para sa akin ay may kinalaman sa kalayaang natatamo ng bawat mamamayan ngayon.

Ipinapakita ng pelikula ang sitwasyon ng mga Pilipinong militar nang patayin si Heneral Antonio Luna. Nananatili ang takot at pangamba ngunit nangingibabaw sa mga bayani ang diwang mapagmahal sa kalayaan. Ang kagustuhang magkaroon ng kalayaan sa sariling bayan ang siyang nagtulak maging sa isang batang heneral na ibuwis ang kanyang buhay.

SUNDAN SA PAHINA 10






### Tagong Yaman sa Ating Karagatan

Ang kalikasan ng bansa bilang isang *archipelago* at may malawak na baybayin ay sumusuporta sa mga samu't saring nilalang na pandagat na natuklasan ko sa ikatlong palapag ng museo. Binigyang pansin nito ang mga yamang tubig na matatagpuan sa mundo lalo na sa Pilipinas kagaya ng mga bakawan o tinatawag din na "kagubatan ng dagat". Ang mga bakawan ang nagsisilbing panangga sa malalakas na along maaaring bumayo sa mga nasa baybayin. Ang mga ugat naman nito ay nagpapatibay ng lupa sa ilalim at tumutulong sa pagpapababa ng lebel ng baha sa mga mababang lugar. Dito binigyang pansin ang kahalagahan ng mga bakawan hindi lamang bilang isang tirahan para sa mga hayop kundi pati na rin sa mga tao. "Pader ng Dagat" kung tawagin nga sila.




### Natatanging Anyo at Tinig ng Ating Kagubatan

Mula nakabibighaning ganda ng mga anyong tubig, ang ikaapat na palapag naman ay sumesentro sa kariktan ng mga anyong lupa. Dito'y umagos sa puso ko ang pag-awit ng daigdig sa kanilang ipinadama't ipinarinig na napakagandang musikang nagagawa ng pinagsama-samang tunog mula sa huni ng mga ibon, pag- agos ng ilog, pagkaluskos ng mga dahon, pagsipol ng hangin, ingay na mula sa mga akuliglig, naghaharanang palaka at iba pang mga tunog ng hayop na makalilikha ng isang napakagandang simponiya ng kalikasan. Kasabay ng pagdaloy ng alindog nito ay ang pagtanaw ko sa iba't ibang uri ng gubat sa Pilipinas na nagsisilbing tirahan ng mga naghahatid ng malulumanay na tono sa magkabila kong tenga ngayon.

Bilang isang kabataang mag-aaral, ang mga makabagong kaalaman na ating matutuklasan ay bagay na mas mahalaga pa sa kahit anong ginto. Ang buong paglalakbay sa *National Museum of Natural History* ay isang karanasang kailanman ay hindi ko malilimutan, hindi lang dahil sa saya at sigla ng paglalakbay na hatid ng ganda ng disenyo at pagsanib ng makabagong teknolohiya sa museo, kundi dahil sa mga bagong kaalaman na aking natuklasan sa apat na palapag nito. Ang mga kaalamang ito'y naging susi sa mga realisasyong aking natanaw tungkol sa pangangalaga sa kahanga-hangang gandang hatid ng kalikasan. Tila isa itong bakas na iniwan ng mga pamanang nakapaloob sa museong nag-ukit ng aral sa puso't isipan ko.




## *Agila: Tawag ng Tungkulin, Tayog ng Lipad*

Samantha Angeli Chu

Suot ang uniporme, *neckerchief*, at ngiti sa mukha. Matikas ang tindig at matalas ang mga mata. Ganyan ang *boy scout*—laging handang tumulong sa kapwa, kahit saan, kahit kailan.

Noong Oktubre 1, 2018, kinilala ng *Boy Scouts of the Philippines* ang mga *grade 10 student* na sina Patrick Gabriel De Castro Nidea at Kurt James Morada Quiambao. Sila ang nakatanggap ng karangalan upang maging kauna-unahang mga *Eagle Scout* na nagmula sa Makati Science High School. Ang *Eagle Scout* ay ang pinakamataas na ranggong makakamit ng isang *boy scout*. Ito ay iginagawad lamang sa mga pinakamahuhusay sa larangan ng pag-i-iskawt.



Lingid sa ating kaalaman, samu't saring paghihirap pala ang kanilang pinagdaanan upang makamit ang karangalang iyon. Bago maging kandidato sa pagiging *Eagle Scout*, kinakailangan munang magpakitang-gilas sa

SUNDAN SA PAHINA 10

*Pamanang Tungkulin ... mula p. 8*

Sa 24 taong gulang, sumakabilang-buhay na si Goyo. Karapat-dapat nga talagang bigyang halaga ang mga bayani ng bansa bilang pagpapakita ng pasasalamat. Kung hindi dahil sa mga pagsasakripisyong ginawa nila, maaaring nananatili tayong walang sariling pamahalaan at kolonya lang ng iba. Ang bawat buhay na kinuha noon ay naging kapalit ng kalayaan natin ngayon. Hindi na naiipit pa ang mga mamamayan sa mga digmaan. Ang bawat Pilipino ay nabigyan ng pantay na karapatan.

Sa ngayon, malaya na nating naipapahayag an gating mga opinyon. May karapatan ang bawat isa na depensahan ang kanilang pinaniniwalaan. Pinamamahalaan tayo ng pamahalaang inihalal at pinili ng samabayanan. Nagagawa natin an gating mga ninanaisa basta't aon ito sa kasalukuyang batas na umiiral. Samakatuwid, mapalad tayo dahil naibibigay ng panahon natin ngayon ang lahat ng pribilehiyong maaari nating maisip.

Itinuro rin ng Goyo sa akin na hindi mahalaga ang edad upang ipagtanggol ang kalayaan. Sa taglay nating katalinuhan at mga kakayahan kasama na ang karapatangf ipahayag an gating mga opinyon, posibleng patuloy nating maprotektahan ang kalayaang iniregalo sa atin. Ginampanan ni Goyo ang kanyang mga responsibilidad hanggang sa huli niyang hininga, kaya't dapat lang na ilaan din natin ang lahat n gating makakakaya upang magawa ang bawat tungkuling nakaatas sa atin.

Hindi naman kinakailangang mamatay, ngunit ang bawat buhay na nasakripisyon noon sa ngalan ng bayan ang soyang nagbigay daan sa kalayaang kinakamit natin ngayon. Tama lamang na bigyang pasasalamat at pagkilala ang bawat bayaning inialay ang kanilang sarili para sa bansa.

*Agila: Tawag ng Tungkulin ... mula p. 9*

iba't ibang aspekto. Hindi lamang sinusukat ang galing sa pag-aaral, kundi pati ang paghubog sa mga talento, at mabuting pakikitungo sa kapwa.

Nakataas ang kanang kamay, bukas-palad at magkakadikit ang mga daliri, bukod sa hinlliliit at hinlalaki na parehong nakatiklop-- iyan ang simbolo ng mga *boy scout* sa kanilang tungkulin sa sarili, sa kapwa, sa bansa, at sa Maykapal. Hindi madali ang buhay-iskawt. Ilan lamang sa kanilang pang-araw-araw na gawain ang pagtulong sa mga nangangailangan ng tulong, at ang pagpapanatili ng malusog na katawan. Madalas din natin silang makikita sa *Entrance of Colors* sa tuwing may espesyal na programa sa paaralan. Ang mga *Eagle Scout* naman ay may mga bago at mas mabibigat na mga tungkulin, bukod sa mas mataas na pamantayan ng pagkilala. Halimbawa rito ang paggabay sa kapwa nilang iskawt upang lalong mahasa ang mga kakayahan nito. Higit sa lahat, kailangan nilang ipagsabay-sabay ang kanilang responsibilidad bilang anak, kaibigan, estudyante, at iba pa.

Madami man ang mga pagsubok, walang makakapigil sa kagustuhan ng mga *boy scout* na maglingkod at magsilbi bilang mabubuting ehemplo sa mga taong nakapaligid sa kanila. Ginagawa nila ang kanilang trabaho hindi dahil kailangan nila, kundi dahil gusto at mahal nila ito. Ika nga ni Kurt Quiambao sa isang panayam, "Alam ko ang pakiramdam ng tunay na kasiyahan, kaya gusto kong iparanas sa iba." Dagdag naman ni Patrick Nidea, "[Ang nagbibigay-motibasyon sa akin na magpatuloy ay] yung masuklian ko ang mga tulong sa akin ng mga taong gumabay sa akin *throughout my journey of being an Eagle...* kung hindi dahil sa kanila, 'di ko matatanggap ang mga *blessing* na nakukuha ko ngayon." Mahirap tahakin ang daan tungo sa tagumpay, ngunit tiyak na mas napapadali ito sa tulong ng sipag, tiyaga, at pananampalataya.

Ang pagiging *boy scout* ay hindi isang trabaho na natatapos pagkatanggal ng uniporme; ito ay isang uri ng pamumuhay– isang pangako na isinasaisip at isinasapuso. Talagang saludo ang MakSci sa inyong husay at dedikasyon sa pagiging iskawt!

# OPM
## ANG HIMIG NG MGA PILIPINO



Jasmin Claire Fangonilo Cagaoan at Beatrice Carel Salonga Luyun

**Tagalog man o Ingles ang wikang ginamit, hindi makaiilang nakaantig sa puso't kaluluwa ang mga nililikhang awitin ng mga Pilipino upang maipahayag ang kanilang damdamin at saloobin sa natatanging paraan. Ang taglay na alindog ng *Original Pilipino Music* o OPM ay mas lalong sumigla sa pagpasok ng ika-dalawampu't isang siglo kung saan nagsilitawan ang mga *indie bands* na may hatid na kakaibang timpla sa pandinig ni Juan. Mula sa mga awiting patungkol sa pag-ibig hanggang sa mga kwento ng pagkakaibigan, masasabing tayong lahat ay nakare-*relate* sa bawat linya ng awit, mapabata man o matanda.**




### Bata, Dahan-Dahan

*"Wag hahayaang
Magaya sa iba
Kawalang-sala"*

Sa panahon ng pagkabata, unti-unting bumubukas ang isipan natin sa sa bawat sikretong hatid ng mundo. Ang bawat limang pandama ng musmos ay nagiging mausisa, 'tila uhaw sa kaalamang bubuluga sa tabi. Ngunit kadalasan, ang mga bagong tuklas ay mistulang mga bagay na nasa langit—ito'y sabik na matuklasan ngunit hindi maabot-abot. Kaya naman mag-isa tayong gumagawa ng paraan upang ito'y tuklapin, kahit walang kamalay-malay sa bangungot na naghihintay sa kabilang gilid. Hindi na matatawaran ang pagdami ng mga kabataang naliligaw ang landas dahil sa impluwensya ng mga taong kanilang nakasasalamuha: mga nalululong sa masamang bisyo at naiwang nag-iisa na lugmok sa kalungkutan at pighati. Malinaw na ipinapahayag ng awiting ito sa kabataan na ayos lang maging mapanuri ngunit huwag kalilimutan na maging maingat sa paglalakbay.




### Kung 'Di Rin Lang Ikaw

*"Kung hindi rin lang ikaw ang dahilan
Pipiliin bang umiwas nang hindi na masaktan?
Kung hindi ikaw, ay sino pa ba?
Ang luluha sa umaga para sa ating dalawa
Bumibitaw dahil di makagalaw
Pinipigilan ba ng puso mong iba ang sinisigaw?"*

Marami sa atin ang nasawi dulot ng pighati't bagsik ng pag-ibig, Silang mga umasa na sa dulo'y sila'y itinilaga ni bathala sa kanilang mga minamahal, ay nabigo sapagkat iba ang pangalang nakaukit sa puso ng kanilang mga sinisinta. Wala nang ibang magagawa kundi magparaya't tanggapin na lamang ang hatol ng tadhana. Tunay ngang umantig ito sa puso't damdamin ng mga Pilipino sapagkat pinapatunayan ng awiting ito na ang wagas na pag-ibig ay hindi sakim. Ito'y handang isakripisyo ang pansariling kaligayahan at magpaubaya, alang-ala sa ikaliligaya ng kanyang minamahal.



### Buwan

*"Ang iyong ganda'y umaabot sa buwan
Ang tibok ng puso'y rinig sa kalawakan
At bumabalik, dito sa akin, ikaw ang mahal
Ikaw lang ang mamahalin
Pakinggan ang puso't damdamin
Damdamin aking damdamin."*

Tunay ngang nakahuhumaling ang init ng pag-ibig. Marami sa atin ang nakatali sa ating nakaraan. Hindi natin kayang bitawan ang mga alaalang naglalaro sa ating puso't isipan na nabuo sa pagitan ng dalawang nilalang na labis na nagmamahalan. Paulit-ulit nating ginugunita't pilit binabalikan ang mga panahong kasama pa ang sinisinta. Ipinahihiwatig na ang tauhan sa awiting ito ay dumaranas ng labis na pighati, dahilan upang lumikha siya ng sariling mundo kapiling ang kanyang minamahal. Kagaya nga ng isang Pilipinong wagas kung magmahal, pumanaw man ang kanyang iniirog ay nanatili itong buhay sa kanyang diwa. Mistulang nakakulong sa isang madilim na silid na may apat na sulok na kung saan nakapinid ang kanyang isipan sa katotohanan. Walang kakayahang lisanin ang pahina ng kanyang nakaraan at harapin ang panibagong yugto ng kanyang buhay.

**Hindi maikaiila na ang musika ay nagbibigay kulay sa ating buhay. Ito ang sumasalamin sa ating kaluluwa. Dito natin naipahahayag ang ating iba't ibang saloobin. Lumipas man ang panahon, iba't ibang mang estilo ng pagkanta at mang-aawit, mananatili pa rin sa puso't isipan ng sambayanang Pilipino ang OPM, ang himig ng mga Pilipino; na patuloy na mamamayagpag dahil ito'y tatak na ng ating pagka-Pilipino na kailanma'y hindi mabubuwag sapagkat ito'y pinatatag ng panahon.**

# HINAKDAL NG KILUSAN

Maria Jamaica Siano Columbres

Mandirigmang magigiting
Itong kilusang 'di na papaalipin
Walong oras o higit na paggawa't sagutin
Para sa manggagawang adhikain
Bago pinsalain ng mga sakim.

Nakipagsapalaran sa bayan ng dayuhan
Kahit 'di sigurado sa patutunguhan
Piniling sumugal para sa pamilyang iniwan
Magpapakaalila sa kontratang nilagdaan.
Ako ay isang OFW.

Artesano ng mga kagamitan at kasangkapan
Madalas ay yari sa kahoy na hinulmahan
Ng bihasa sa sining anluwagihan
Martilyo't lagare kasama sa digmaan.
Ako ay isang karpintero.

Bawat pawis at pagod iaalay
Sa among pinagsisilbihang tunay
Sa kakarampot na buwanang sahod
Kagalakan ang maglingkod.
Ako ay isang kasambahay.

Tibay ng tuhod, lakas ng gulugod
Sa ilalim ng tirik na araw, kasama kalabaw
Bungkalin ang lupa, lagyan ng pataba
Ipinunla ang binhi, magbibigay sagana't ani.
Ako ay isang magsasaka.

Sa sisidlan ay toneladang isda
Gamit ang lambat na panguha.
Walang takot na ipapalaot ang bangka
Sa dagat na malalim at mapagpala.
Ako ay isang mangingisda.

Hangad ay pagsilbihan ang lahat.
Nang may pasensiyang sapat
Nang nakangiti at may pagbati
Sa kostumer na katangitangi.
Ako ay isang *crew*.

Naglalako ng mga paninda.
Sa palengke man, kariton o kalsada
Maaaring nakabilao sa bangketa.
Ako ay isang *vendor*.

Masarap na pandesal, bonete at monay
At marami pang uri ng tinapay
Eksperto sa pagmamasa ng ensaymada
Itong tao sa panaderya.
Ako ay isang panadero

Pasan ang mundo sa bigat
Lahat ay kayang ibuhat
Sa malakas na balikat
Ako ay isang kargador.

May malinis na dinaraanan
Nang dahil sa kasipagan,
Pagmamalasakit sa kapaligiran
Ako ay isang *street sweeper*.
Sahig na makintab, malinis na pasilidad
Sa matiyagang abilidad
Magpapalis, magwawalis, magpupunas
Alikabok ay di ligtas.
Ako ay isang *janitor*.

Hari ng kalsada
Hawak lagi'y manibela
Behikulong pinatatakbo ng makina
Tagapaghatid saan man magpunta.
Ako ay isang drayber.

*Front liner* ng opisina't establisyemento
Nakadestino man sa bangko
Isasaalang-alang seguridad ng mga tao
Lalo't higit ng empleyado
Ako ay isang security guard.

Sa ngalan ng liping may kalayaan
Kapayapaan sa teritoryo ay ipaglalaban
Bangis ng sandata sa pangahas na terorista
Malapit sa peligro, malayo sa pamilya.
Ako ay isang sundalo.

Aakayin ang mga may sakit.
Serbisyong medikal 'di ipagkakait
Ako ay isang nars.
Aaalagaan ang matatanda
Pagtayo, paglalakad man o paghiga.
Ako ay isang *caregiver*.

Tagapangalaga ng kalusugan ng sanlibutan
Kaya gumaling sa mga karamdaman
Sa halos magdamagang kakailanganin
Sakit sa katawan ay gagamutin.
Ako ay isang doktor.

Pamamalakad sa pagpapatayo ng
establisyemento,
Sinisigurong polido, magandang istilo.
May imbensyong bago
Minanduhan ng isang henyo.
Ako ay isang inhinyero.

Maingat na pinaplano ang mga disenyo
Masining na pinag-isipan kaya detalyado
Sakto, malinis walang kulang at labis
Sa pananantiya gamit ang guhit ng lapis
Ako ay isang arkitekto.

Tagahubog ng kinabukasan ng madla
Panday ng karunungan at salita
Mga mag-aaral ay ipinagkatiwala.
Pagtuturo'y katumbas ng pagkadakila.
Ako ay isang guro.

Hatid ay hustisya sa inaakusa
Puso ng batas, hindi dahas
Tagapagtanggol ng inosente
Tagapagsanggalang sa korte.
Ako ay isang abogado.

Boses ng mga maralita sa lipunan
Isisiwalat nang may katapatan
Daluyan ng katotohanan
At balitang walang pagkiling
Impormasyong marapat dinggin.
Ako ay isang mamamahayag.

Mabigyan ng ginhawa ang pamilya
Kapalit ang pagpapakasakit at pagdurusa
Sa kaliliit ng dagdag na sahod
Kakabit ng bilihing nagmamahal
Nasaan ang ginahawang ipinangako?
Paulit ulit na lamang bang ipapako
Dahilan ng maraming pagkabigo.

Seguridad sa trabaho
Mula noong rehimen ni Aquino
hanggang kay Rodrigo,
Di magawang matapos ang modus operanding
"endo"
Ng mayoryang manggagawang Pilipino.

Mga manggagawang Pilipino
Buhay at sandigan
Ngayo'y naninidigan,
amin na ngang idadahak
sa mapang-aping pulitiko at ng masisibang
kapitalistang dayuhan at korporasyon
ang namumuong plema ng apelasyon.
Di na muling papaapi't palulupig.
Di na muling palulupig.

Kinuha ng ng OFW ang balikbayan box,
ng karpintero ang maso't lagare,
ng kasambahay ang pinagkainan,
ng magsasaka ang binhi,
ng mangingisda ang lambat,
ng *crew* ang *order*,
ng *vendor* ang mga paninda,
ng panadero ang pangmasa,
ng kargador ang mga bagahe,
ng *janitor* at *street sweeper* ang panlinis,
ng drayber ang pampaseherong dyip,
ng guwardiya ang batuta.
ng sundalo ang artilyera't riple.
ng nars ang mga aparato,
ng *caregiver* ang *wheelchair*,
ng doktor ang *stethoscope*,
ng inhinyero ang mga panukat,
ng arkitekto ang papel at lapis,
ng guro ang libro,
ng abogado ang *suitcase*,
ng mamamahayag ang kamera,

Sa ngalan ng tungkulin at pamilyang kapiling
Lahat ay kakayanin at titiisin.
Dahil kami ay mga manggagawa.
Sa panata at pagkadakila
Kami ang lipi ng manggagawang Pilipino.
Ikaw, ano ang kaya mong isakripisyo?

# KRUSADA NG MGA MANGGAGAWA

Ofelia Marie Alvarez Ellazo

Ang bawat patak ng pawis na dumadaloy sa mukha nila
Ay katumbas ng kaginhawaan ng kanilang pamilya
Ang mawalay sa kanilang minamahal ay tila kay saklap
Nagsasakripisyo para sa kabataang nangangarap

Ulirang manggagawang lahat, lahat ay ginagawa
Kahit walang katiyakan ang kanilang kontrata
Labis na pangamba ang kanilang nararamdaman
Sapagkat kinabukasan ay walang katiyakan

Ang kakaunting sahod ay kanilang ipinagkakasya
Sila ang depinisyon ng alipin ng mga kapitalista
Kailan kaya mabubuwag itong sistemang bulok?
Kailan kaya maiaahon ang pamilyang sa karalitaan ay lugmok?

Sa likod ng mga namumutawing ngiti
Ay ang pighating pilit na ikinukubli
Sa likod ng mga mukhang nakatawa
Ay ang pagsusumamo sa ipinagkait na hustisya

Animo'y langgam na nangangagat
Kahit inaapakan na ng nakaaangat
Tuloy pa rin sa paglaban sa kanilang karapatan
Kahit buhay ay malagay sa bingit ng kamatayan

Walang humpay sa pagpupursige at pagkayod
Kahit kakarampot lang ang kanilang sahod
Ang responsibilidad ay ginagampanan nang buong husay
Manggagawang Pinoy ay huwarang tunay!

Darating ang panahong madaraig ang kapitalismo
Regular na sa trabaho ang mga manggagawang Pilipino
Pantay na pagtrato ay maisasakatuparan
Pilipinas, makakamit na ang tunay na kalayaan!



Andrei Ross Mauricio De Jesus
Patnugot

# BAWAS PLASTIK SA ECOBRICKS!

Ivan Eli Urbano Lapuz



**Ayon sa mga eksperto, mayroon na lamang 12 na taon ang natitira upang mailigtas ang mundo sa epekto ng *climate change*. Isa sa dahilan kung bakit tumataas ang temperatura ng mundo ay dahil sa pagtatapon ng mga plastik sa maling tapunan. Ang pagkatunaw ng plastik ay sanhi ng paglabas ng *methane* na tumutulong upang tumaas ang pandaigdigang temperatura. Inaabot ng mahigit 1000 na taon upang matunaw nang buo ang mga plastik at sa panahon ngayon, ang hindi makontrol na pagdami ng plastik ang nagiging sanhi sa pagwasak ng ilang tahanan ng mga hayop. Maraming mga paraan ang ginagawa ng mga tao upang mabawasan ang bilang ng mga plastik. Kasama dito ang prosesong *Reuse - Reduce - Recycle*, pagsasagawa ng mga *coastal clean-ups* at marami pang iba. Subalit, mayroong isang makabagong proseso ang maaaring gawin ng mga tao na maaaring gawing libangan: Ang *ecobricks*.**

Ang *ecobricks* ay ginagamit bilang pamalit sa mga madalas na ginagamit sa pagpapatayo ng imprastraktura. Kinakailangang kumuha ng mga *plastic bottles* at punuan ito gamit ng buhangin. Ito ang nagpapatigas sa bote at ginagamit rin sa pagtayo ng kabahayan sa tulong ng mga pandikit tulad ng semento. Sa madaling salita, ito ay mga bote na pinuno ng *non-biological* na kalat na kalimitan ay plastik, at ginagamit sa pagpapatayo ng mga iba't ibang gusali. Simple lamang ang proseso sa paggawa ng *ecobricks*:

**Una**, maghanda ng paglalagyang bote at mga ilalagay na materyales gaya ng plastik. Ang plastik na gagamtin ay kinakailangang marami upang mapuno ang bote. Maghanda rin ng *stick* na magsisilbing taga-siksik ng mga materyales sa bote.

**Ikalawa,** maglagay ng plastik na inihanda sa loob ng bote at gamitin ang stick upang itulak ito paloob. Kung nanaisin na paramihin ang plastik na ilalagay sa bote, maaari itong tupiin.

**Ikatlo,** ulitin lamang ang proseso hanggang sa mapuno ang bote. Kinakailangan na siksik na siksik ang mga inilagay na materyales. Kapag ito ay napuno na, mayroon ka ng isang *ecobrick*. Maaaring ulitin ang buong proseso hanggang sa maabot ang kinakailangang bilang nito. Ang isang 500ml na bote ay makababawas ng 175g ng plastik.

Nangangailangan ng sipag at tiyaga upang makagawa ng isang *ecobrick*. Ito ay isa sa mga paraan upang matulungan ang kapaligiran. Sa paggawa ng *ecobricks*, nangangailangan ng napakaraming plastik at habang nangongolekta ng mga plastik, nababawasan ang tone-toneladang plastik na nakakalat sa kapaligiran. Hindi man mapapansin kaagad ang epekto ng pagbawas ng plastik, kung patuloy-tuloy ang pangongolekta nito, napakalaking tulong nito upang maisalba ang mundo. May 12 na taon pa upang mailigtas ang daigdig. Huwag sayangin ang natitirang 12 na taon dahil ang mga tao rin ang magsisi kung hindi gagampanin ng mga tao ang tungkulin bilang tagapangalaga ng kalikasan.

# MODERNONG SEKRETARYA

Andrei Ross Mauricio De Jesus

**Araw-araw, paniguradong may magbabantay sa galaw ng bawat mag - aaral sa paaralan. Ililista niya kung siya ba ay pumasok ngayong araw o lumiban sa klase. Dalawang tao ang maaaring gumagawa nito: Ang guro o ang kalihim ng pangkat. Sa pagkakaroon ng talaan ng pumasok sa paaralan o mas kilala sa *attendance*, nagiging maayos at naiiintindihan ang pagtatala. Subalit, paano kaya kung nais ng isang guro na makuha ang mga tala ng pumapasok sa paaralan sa tamang oras? Maaaring pumunta siya sa bawat pangkat ng paaralan para makuha ito subalit hindi ba ba ito nakakapagod lalo na kung araw - araw itong gagawin? Posible ring magiging magulo at mahirap maintindihan ito sapagkat pagsasamahanin pa niya ang nakuhang mga tala. Upang mas maging sistematiko ang mga rekord, itinayo ang *ID Scanner* sa unang araw ng pasukan ngayong taon. Mahigit isang libong mag-aaral ang pumapasok araw - araw at maayos pa rin nalilista ng *ID Scanner* ang mga rekord. Sa tulong ni Rafael Ranario, presidente ng *Information Technology Core Group* (ITCG), ibinahagi niya ang mga prosesong nagaganap sa isang *ID Scanner*.**




***ID Card Generator***

Kung susuriin ang isang ID, mayroong mga linyang patayo na may iba't-ibang kapal. Ayon sa kanya, magkakaiba ang *barcode* na nakatatak sa bawat mag-aaral. Lahat ng *barcodes* ay nakaayon batay sa kanilang *database*. Ang database ay tumutukoy sa mga impormasyong kanyang ibinahagi gaya ng *ID Picture*, pangalan, pangkat, tirahan at marami pang iba.

***Scanner***

Tuwing ang mag-aaral ay mag-iiscan ng *ID*, kadalasang itinatapat ito sa *scanner* at bigla na lamang lilitaw sa kompyuter ang mukha ng mag-aaral at senyales na narekord ang kanyang pagpasok ngayong araw. Bakit kailangan pa itapat ang *ID* sa *scanner*? Ayon kay Rafael, ito ay dahil sa *C# Programming Language*. Ang lahat ng *database* ng mga mag-aaral ay pinagsama-sama at ito ay ikinonek sa *scanner program* upang ang nakolektang *database* ay maging *data source*. Ito ang dahilan kung bakit parehas ang larawang lumalabas sa kompyuter at sa ibinigay na *ID Picture* noon.

Subalit, hindi sa lahat ng pagkakataon ay nagiging maayos ang pagtala sa *ID Scanner* sapagkat may mga oras na kapag ang isang mag-aaral ay mag-ii*scan*, hindi ito gumagana. Idinagdag ni Rafael na maaaring hindi tugma ang *barcode* ng *ID* sa *database* o kaya naman ay basa ang kanyang *ID*. Inaaksyunan ito sa paraang pagsusuri muli sa *barcode* ng ķanyang *ID* sa *database* at pagbibigay muli ng bagong *ID* sa iba. Upang mapanatili ang rekord ng mga mag-aaral na nagkaroon ng problema sa pag-ii*scan*, nililista ang kanilang pangalan sa isang *log book*.

Ito ang dalawang pangunahing proseso na nagaganap sa isang *ID Scanner*. Kahit na maraming proseso ang nagaganap, sa pagtapat lamang ng *ID* sa *scanner* at sa isang iglap, makikita na ng mag - aaral ang kanyang mukha sa kompyuter at pahiwatig na nailista ang kanyang pagpasok sa paaralan. Dahil dito, maaaring ikumpara ang *ID Scanner* bilang isang makabong kalihim. Tunay nga na mas madali ang pagsubaybay sa mga mag - aaral sa oras ng kanilang pagpasok. Ang pag-unlad sa teknolohiya ay tunay na nakamamangha subalit ito ay kumplikado. Subalit laging isipin na lahat ng mga naiimbentong gamit ay isang paraan upang mas mapadali at maintindihan ng isang tao.

# LASAPIN ANG SARAP AT SUSTANSYA NG MILKTEA

Joanna Pauline Lachinebre Honasan



**Mga perlas na lumalangoy sa dagat ng malagatas na tsaa—pamilyar ba sa iyo ang inumin na ito? Patok na patok nga naman sa panahon ngayon ang *milk tea* na sa kaliwa't kanan ay makakikita ka ng nagtitinda nito! Sa isang lagok pa lang ay nagdadala na ito ng iba't ibang sensasyon at tila naglalaban ang tamis at ma-kremang lasa nito. Bukod pa sa mala-langit na lasa ng *milk tea* ay sari-saring *flavor* ang pwede mong pagpilian!**

**Kaya naman nahuli ng pamatid-uhaw na ito ang panlasa ng mga tao. Ayon sa isang artikulo sa *website* na *hojotea*, isang dahilan kung bakit patok ang *milk tea* ay dahil sa *calcium* nito na nagpapayaman at nagpapatindi ng lasa ng *milk tea*.**

Dagdag pa sa sarap nito may mabuting dulot din ang *milk tea* sa ating kalusugan!

## ANTIOXIDANTS



Pinipigilan ng *antioxidants* ang pagkasira ng mga *cells* sa ating katawan sa pamamagitan ng pagbibigay ng *electrons* sa mga *free radicals*. Pinangangalagaan rin nito ang ating balat sa pamamagitan ng pag-antala sa maagang pagtanda nito. Sa gayon, nababawasan ang *wrinkles* ng balat!

## PAGBAWAS NG *STRESS*



Kapag ang *milk tea* ay hinaluan ng tsaa na walang *caffeine*, ay walang duda na mas makakapagpa-*relax* sa iinom nito! Dahil sa *milk tea* na ito ay magre-*release* ng *endorphin* at maibabalanse ang *stress hormone levels* ng iyong katawan. Ang *endorphin* ay mas kilala sa bansag na '*happy hormone*', kaya naman tiyak na mababawasan ang *stress* na iyong nararanasan.

## PAGBABA NG TIMBANG



Ang tsaa ay kilalang nagpapasimula ng *metabolism* ng katawan ng tao. Ang *metabolism* ay ang resulta ng lahat ng mga proseso sa iyong katawan upang magkaroon ito ng enerhiya. Sa ganitong paraan, mas madaling maiproseso ang kinakain ng tao, kaya naman bumababa ang iyong timbang.

## PAMPALAKAS NG BUTO



Ang *calcium* na dala ng gatas sa *milk tea* ay di hamak na nagpapatatag sa ating mga buto. Dahil sa pagtibay ng mga buto ay mababawasan na ang pagkakataon na magkaroon ng *osteoporosis*, ang pagrupok ng mga buto.

**Hindi lang masarap ang pamatid uhaw na ito dahil marami rin pala itong mabuting dulot sa ating kalusugan! Gayunpaman, hindi nangangahulugan na maaari na itong inumin nang sobra. Dahil matamis ang inumin na ito, maaari itong magdulot ng *Diabetes* o magpalala sa kondisyon ng mga taong *diabetic* kapag nasobrahan. Kaya naman huwag nating alisin sa ating isip ang tamang moderasyon sa pagkain at malusog na pamumuhay.**

# The BIG ONE DAPAT PAGHANDAAN!

John Robbie Sumajit Laurio

**Sa patuloy na paggalaw ng mga *tectonic plates*, nabubuo ang mga lindol na maaaring hindi mararamdaman ng karamihan o magdudulot ng malaking pinsala. Noong ika-30 ng Setyembre, nagkaroon ng isang 7.5 *magnitude* na lindol sa Indonesiya at nagwasak ng mga kabahayan, gusali at libu-libong halaga ng ari-arian. Dahil ang Pilipinas ay malapit sa Indonesiya, hindi maiiwasang isipin na maaari itong mangyari at karamihan sa mga maaapektuhan ng lindol ang mga naninirahan sa Kalakhang Maynila. Isang 7.2 *magnitude* ang maaaring yumanig dulot ng *West Valley Fault* at ito ay matatagpuan sa iilang bahagi ng Kalakhang Maynila kasama ang Makati. Maraming katanungan ang pumapalibot sa *The Big One* ngunit isa lang ang mahalagang sagutin: Handa ka na ba?**

Hindi alam ng lahat kung kailan mangyayari ang lindol kung kaya't mas mabuting pagplanuhan at paghandaan ang nasabing lindol. Ilan sa mga planong maaaring gawin ay ang mga sumusunod:

## BAGO

### Lumamang sa kaalaman

Ang bawat lugar ay may kaniya-kaniyang plano sa panahon ng sakuna. Isa ang *Makati Science High School* na mayroong plano na ihanda at siguruhin ang kaligtasan ng mga mag-aaral. Isa dito ang pagkakaroon ng mapa sa bawat silid-aralan upang malaman ng mga mag-aaral kung saan ang tamang daan palabas ng paaralan. Alamin dapat ng bawat isa ang planong ito kasama ang lokasyon ng mga gamit na mapapakinabangan tulad ng mga *helmets, go bags, at emergency kits.*

### Ihanda ang sarili

Ang bawat isa ay dapat maging handa. Mahalagang malaman at magawa natin ang mga kasanayang maaaring makatulong sa panahon ng kalamidad. Bahagi nito ang pagkakaroon ng drills at pag-aaral ng sagip-buhay na kilos gaya ng CPR *(Cardiopulmonary Resuscitation)*.

## HABANG

### Ngayon ay kumalma

Huwag mataranta sa panahong nagaganap na ang lindol. Panatilihin ang presensya ng isipan. Gawin ang duck, cover and hold at magtago sa ilalim ng mga upuan o lamesa. Hintaying matapos ang lindol bago umalis sa kinaroroonan.

### Depensahan ang sarili

Habang lumilindol, importanteng lumayo sa anumang peligro. Huwag sumakay sa elevator. Mag-ingat sa mga salamin at iba pang bagay na maaaring mahulog o makasugat. Protektahan ang mga delikadong bahagi ng katawan gaya ng ulo at batok. Iwasan ring makipagtulakan sa iba upang maiwasan ang gulo.

## PAGKATAPOS

### Ora mismo, tignan ang sarili at ang paligid

Matapos ang lindol, mahalagang itsek ang sarili para sa anumang sugat o pinsala ng lindol. Humingi ng tulong kung kinakailangan. Kung nasa maayos na kalagayan, subukang sumaklolo sa iba. Sunod, obserbahan ang paligid. Tignan kung may sira ang mga tubo, may nakalaylay na kable at may nakakalat na bubog sa paligid.

### Lumikas sa ligtas na lugar

Matapos masigurong huminto na ang lindol, dapat unahin ang paglisan ng gusali. Umiwas sa mga bahaging napinsala ng lindol. Maging alisto sa paligid para sa mga bagay na puwedeng mahulog. Tumungo sa lugar na ligtas at makinig sa mga ulat at balita.

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa marami pang paraan para maging handa sa *The Big One*. Wala mang kasiguruhan kung kailan, saan, at gaano kalakas ang pagdating ng LINDOL, may bagay na natitiyak natin; ito ay dadating at kaya nating maging handa. Ang pinakamahalagang tanong ay iisa lamang: Handa ka na ba? Sana, bago dumating ang *The Big One*, ay masasagot mo ito ng "Oo, handa na ako!".

# ISKOLAR NG KALUSUGAN

Nicole Angela Lerma Aledro

**Kumakabog ang dibdib, butil-butil na pawis, at mabagal na paghinga ang nanaig sa aking sistema sa pagtanggap ng pagsusulit. Isang pagsusulit na nakabalakid sa pag-apak ko sa inaasaam na kolehiyo.**

Ang *college entrance exam* ay isa sa mga pinaglalaanan ng oras ng mga magsisipagtapos ng sekondarya. Matapos ang anim na makabuluhang taon, hindi lamang sa pagkamit ng *diploma* natatapos ang masalimuot nilang paglalakbay sa pagtungtong sa kolehiyo. Mula sa tambak na mga ipinapasang *application forms* at puspusang pagsusunog ng kilay, iba't ibang paghahanda at sari-sariling stratehiya ang ginagawa ng bawat mag-aaral, matiyak lamang na makakapasok sila sa pinapangarap na kolehiyo. Sa kabilang banda, nalilimutan na ng iba na isa sa mga pinakamabisang paraan ay ang matibay na kalusugan. Narito ang ilang patunay na higit sa lahat, hindi dapat tayo pahuhuli sa ating mismong kalusugan.

> Sa mundong ito na mas binibigyang halaga na ang mga marka sa papel kaysa sa kalusugan, maging iskolar tayo hindi lamang ng bayan kung hindi pati na rin ng kalusugan sapagkat walang kahit anong marka o pagsusulit ang papantay sa oras na bumagsak na ang ating katawan.

Paalala, ang mga hakbang na ito ay hindi lamang dapat gagawin bago ang araw ng pagsusulit. Gawin itong kasanayan upang hindi mabigla ang sistema sa iyong katawan. Ang mga munting hakbang na ito ang magiging pundasyon sa paghahanda ng iyong kalusugan mula utak hanggang sa buong katawan tungo sa pagkuha ng pagsusulit.

Sa mundong ito na mas binibigyang halaga na ang mga marka sa papel kaysa sa kalusugan, maging iskolar tayo hindi lamang ng bayan kung hindi pati na rin ng kalusugan sapagkat walang kahit anong marka o pagsusulit ang papantay sa oras na bumagsak na ang ating katawan.

Kumakabog na dibdib, butil-butil na pawis, at mabagal na paghinga ang nanaig sa aking sistema sa pagtanggap ng sobre na naglalaman ng resulta ng pagsusulit.

## SIMULAN SA ALMUSAL

Sa mismong araw ng pagsusulit, mahalagang may laman ang iyong sikmura lalo na kung sa umaga ito gaganapin. Ayon sa isang pag-aaral, ang almusal ay nakatutulong upang mapahaba ang iyong *attention span* na kritikal sa kahabaan ng pagsusulit. Tiyaking ito ay binubuo ng mga pagkaing mayaman sa protina at *carbohydarates* na mahalaga sa pagbibigay ng enerhiya at pagpapanatiling alerto ng utak tulad na lamang ng *whole-wheat bread*, mani, *yogurt*, *whole-grain cereals*, gatas, kanin at nilagang itlog.

## BUSOG LUSOG NA UTAK

Hindi sapat ang matabang utak. Mahalagang busog rin ito ng sapat na sustansiya o ang tinatawag na *brain foods*. Ito ay binubuo ng mga complex *carbohydrates* tulad na lamang ng mga pagkaing *whole - grain* gaya ng tinapay at *oatmeals* na mas masustansiya sa mga simpleng *carbohydarates* na naglalaman ng *higher sugar content*. Ito ay makatutulong sa pagpapagana ng utak, matalas na memorya at lohikal na pag-iisip. Isa ito sa mga susi upang mapanitili ang tuon ng isip sa pagsusulit.

## MAGBAON NG ENERHIYA

Sa pagdadala ng baon, bigyang pansin ang mga pagkaing puno ng protina at *carbohydrates* upang mapanumbalik ang lakas o enerhiya na nawala tulad na lamang ng prutas, *granola bars*, *energy bars*, *almonds* at *walnuts*. Iwasan ang mga matatamis na pagkain tulad ng tsokolate o kendi na maaring magsimula ng *sugar rush* at tumuloy sa *energy crash* na tiyak na tutuldok sa iyong pagsusulit. Mawawala ang iyong tuon at maaring maghalo - halo rin ang mga impormasyon sa iyong utak hanggang sa maubos lamang nito ang iyong enerhiya.

## TAMANG INUMAN LANG

May panulak din ang utak pagdating sa pagkain. Ang tubig ang pinakamahalagang inumin upang mapanatiling *hydrated* ang parehong utak at katawan. Maaari ring uminom ng tsaa bago ang pagsusulit upang pangpakalma subalit mahalagang mababa lamang ang sugar content nito. Tulad ng tsokolate, lubayan din ang pag-inom ng mga *softdrinks* na nagdudulot din ng *sugar rush* at *caffeine* na mas magpapakaba lamang sa iyon.

## TAPUSIN SA SAPAT NA

zZz

Minsan may mga mag-aaral talagang hindi papaawat at magpupuyat pa para magsiksik ng kaunting kaalaman. Lingid sa kanilang kaalaman, maaari pa itong maging butas sa lahat ng kanilang pinaghirapan. Kaya naman tiyakin ang sapat na tulog at pahinga bago ang araw ng pagsusulit. Sapat na ang 8 hanggang 10 oras upang makabawi ang iyong utak at katawan sa lahat ng pagod at stress na natamo nito. Higit sa lahat, aanhin mo ang dagdag na impormasyon kung maghihilik lamang ang iyong utak sa mismong pagsusulit dahil sa kulang na pahinga.



# ISPORTANSYA

Mark Lawrence Lumagbas Pangilinan

*Karamihan sa atin ay nawiwili at tumatangkilik sa iba-ibang larangan ng isports. Ang iba ay ginagawa itong libangan habang para sa mga propesyonal na manlalaro ay ginagawa itong karera. Subalit dito na ba nagtatapos at umiikot ang konsepto ng isports? Lingid sa kaalaman natin, ito ay nagbibigay din ng mga benepisyo at kahalagahan. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:*



Pinapalakas ang ating kalusugang pang-cardiovascular. Ang ating puso ay laging active kaya kailangan nito ng regular na ehersisyo sa tulong ng isports.

Pagpapalakas ng ating resistensya na nakakatulong sa pag-iwas natin sa iba't-ibang uri ng sakit.

Pagunlad sa paggawa ng mga desisyon. Nakakatulong ang isports sa kaisipang mental dahil mabilis na nakakaisip ng solusyon ang isang malalaro sa paglalaro at ang mabilis na pag iisip na ito ay nagagamit sa iba't ibang aspekto ng kanilang buhay gaya sa pagsagot ng mga sitwasyunal na mga tanong.

Nagtatanggal o binabawasan ang stress. Ang paglalaro ng iyong paboritong isports ay isa ring paraan ng pampatanggal o pagbabawas ng *stress* sa katawan. Sa pamamagitan nito ay nagiging payapa at kalmado ang tao dahilan upang magkakaroon ng mas maraming enerhiya at pokus upang makumpleto ang gawain.

Binubuo ang iyong kumpiyansa sa sarili. Nadaragdagan ang lakas ng loob ng manlalaro habang siya ay naglalaro sa harap ng mga manonood, lalo na kung marami ang mga pumapalakpak at sumisigaw para sa kanya.

Tumutulong sa pagbabawas timbang. Dahil may mga isports na aktibo na nangangailangan ng pag kilos ng katawan tulad ng *basketball*, *volleyball* at iba pa.

Ilan lamang ito sa mga magagandang dulot ng isports para sa atin kung kaya't ano pa ang hinihintay mo?



**HAMPAS NG TAGUMPAY.** Matayog na nilipad at hinampas ni Rosario ng Junior Paladins ang bola sa First Round Game ng VB Boys Division.

**ASINTADO.** Nakapuwesto at handa na ibuslo ni Villedo ang bola sa eksenang ito ng *Game 1* ng labanang Dose Dakila kontra Panthers ng *Basketball Girls Division*.

## *Larong Noypi, pinagmalaki!*

Princess Joy Varias Casimiro

Sariling atin.

Hindi lang husay sa paglalaro ng mga tipikal na *sports* tulad ng *basketball* at *volleyball* ang binigyang pansin sa naganap na *Intramurals 2018* kundi binigyan buhay din ang mga makukulay at maipagmamayabang na Palarong Pinoy na nilahukan ng buong Mataas na Paaralan Pang-agham ng Makati noong ika-26 at 27 ng Setyembre sa MSHS *Grounds*.

Dinomina ng *Grade 9 Junior Paladins* ang mga kalaban sa JHS habang nandurog naman ang *Grade 12 Dose Dakila* sa SHS sa pamamagitan ng nga malalakas at malulutong na hampas upang tanghaling mga kampeon sa parehong *team* at *individual events* ng Dampa.

Bilis, liksi at tiwala sa kakampi ang mga naging sandigan at nagtulak sa Grade 8 *Sophomore Spectres* at Grade 10 *Senior Valor* upang masungkit ang unang pwesto sa parehas na Calamansi *Relay Girls* at *Boys* para sa *junior high* samantalang nagpalitan ng unang pwesto ang *Grade 11 Panthers* at Dakila sa *girls* at *boys division* ng *senior high*.

Purong talino at stratehiya naman ang natunghayan sa larong *Tic Tac Toe Relay* kung saan pinagharian ito ng kapwa *Panthers* para sa parehong *division* sa SHS at *Paladins* sa *boys* at *Valor* sa *girls* ng JHS sa pamamagitan ng mga organisadong pagbalangkas at pagpaplano na sinamahan pa ng mabilis na pagtakbo habang para sa Patintero ay solidong ginapi at kampeon ang *Valor* sa *JHS* habang muling naghati sa *girls* at *boys division* ang *Panthers* at *Dakila* sa *SHS*.

Dahil sa Laro ng Lahi, hindi lang nahasa ang talento at naaliw ang mga estudyante sa paglalaro kundi nalinang din ang kanilang pakikipagkapwa at humubog sa pagiging Pilipino natin dahil sa kulturang dala nito.



**LODI SA TAKBUHAN.** Matulin at nagmamadaling nilapag ni Ariel Aguadera ng Senior Valor ang kanyang pamato sa *Tic Tac Toe Relay* ng Laro ng Lahi.

## *Valor at Panthers, pumailanlang sa taas!*

Ernie Clement Nueva Ariston

Tapang at liksi, korona ang inuwi.

Kinilala bilang mga bagong kampeon ang *Limitless* ng *Grade 10 Senior Valor* at *High Ground* ng *Grade 11 Senior High Panthers* sa kani-kanilang kategorya sa naganap na 2018 *Intramurals Hip-hop Competition* na ginanap sa Makati Science High School *Grounds* noong ika-27 ng Setyembre.

Unang naguwi ng ginto ang *Limitless* ng *Senior Valor* sa *Junior High Division* matapos mapahanga nila ang madla gamit ang kanilang umaapaw at positibong enerhiya sa kabuuan ng kanilang pagtatanghal. Gamit ang kanilang mga maangas na *pop and locks*, *krump*, at *killer moves* ay nagawa nilang ilampaso ang kanilang mga kalaban. Pumangalawa sa kanila ang *Lil Hoofers* ng *Junior Paladins* at pangatlo naman ang *Ultimatum* mula sa *Grade 10*.

"Isa lang talaga hangarin namin at yun yung makapag*perform* nang maayos at maganda, dagdag nalang yung manalo. Kahit sobrang daming *ups and downs* naming napagdaanan, pinagpatuloy pa rin namin, di kami sumuko. Sa totoo lang sobrang kinabahan kami sa mga makakalaban namin kasi sobrang galing nila pero inisip nalang namin na magpeperform kami para sa'min, sa *batch* and *of course* kay *God*. Nung nanalo kami sobrang *thankful* namin nun, kahit para samin 'di talaga *perfect* pagkakasayaw namin, nanalo pa rin kami *with the help of God*." Ayon pa sa isa sa mga miyembro ng *Limitless* na si Angel Ann Isoc mula sa panayam ng ***Ang Kadluan***.

Sunod namang itinanghal na *back-to-back champion* ang *High Ground* ng *Grade 11 Panthers* sa *Senior High Division* at depensahan ang kanilang trono gamit ang kanilang malinis at nakaka-indak na *choreography*. Nabuhay nila ang dugo ng mga nanunuod matapos punuin ng malulupit at astig na galaw ang entablado. Pumangalawa naman sa kanila ang *T-Gang* ng *Grade 12 Dakila* at pangatlo naman ang *SciCrew* ng *Grade 11*.

"Sinikap naming humabol lahat sa *practices* at ibigay 'yung *best* namin. Hindi nawala yung dedikasyon namin sa pagsasayaw at yung determinasyon na magpakita ng magandang *performance*. At *every before and after practice*, yung *coach* namin, *he made it a point* na magdasal kami *as a group* para magpasalamat at humingi ng *guidance* kay Lord. *Overwhelming and* sobrang *fulfilling* kasi nagbunga yung *sacrifices* at *hardwork* namin. Kada taon, iba-iba naman yung *set* ng *contestants* kaya *never* kami nag-*expect*. *Grateful* kaming lahat na *3rd time* na namin palarin manalo," ayon kay Vinina Jacome na miyembro ng *High Ground* mula sa panayam ng ***Ang Kadluan.***

## *Pagsilip sa mga huwarang atleta*

## VILLEDO, ROSARIO: PAG-LALAYAG SA GITNA NG SILAKBO

Maria Jamaica Siano Columbres

Walang labang inuurungan.

Hindi matatawaran ang dedikasyon ng mga estudyanteng atleta. Ang pagsabayin ang mga gawaing pang-akademiko at paglalaro na magkaibang mundo ay hindi biro sapagkat nangangailangan ito ng paninimbang sa oras, talino at lakas. Ano pa kaya kung may dumating na unos sa kanilang paglalaro?

Si Hazzelle Mae Villedo ng *Grade 12 Dose Dakila* at Crispolo Rosario ng *Grade 9 Junior Paladins*, kapwa pinarangalan bilang *Most Valuable Player* (MVP) ng kani-kanilang sanliga sa *volleyball*, ay dalawa lamang sa mga nagpupunyaging atleta ng Makati Science High School na hindi iniinda ang pagod, sakit ng katawan at kahit na subukin pa ng mga mapagmata at makapaminsalang hamon.

Si Villedo ay nagka-injury sa tuhod bunsod ng hindi sinasadyang banggaan habang dumedepensa sa huling *quarter* ng kanilang engkwentro kontra *Lady Panthers* sa *Game 4* ng salpukang pangkampeonato ng *Basketball Girls*.

Gayunpaman, hindi alintana ng *5-foot-6 player* ang tinamong *knee injury* bagkus ay isinantabi nito ang sirkumstansiya para higit na maiangat ang *morale* ng kaniyang koponan.

"Ipanalo niyo ang *game*, kaya niyo 'yan may tiwala ako sa inyo," pahimakas ni Villedo sa mga kakampi bago lisanin ang *court*.

Bunsod ng kolisyon, agarang dinala si Villedo sa ospital upang malunasan, dahilan para hindi siya makalahok kinabukasan sa *cheerdance competition*.

"Sa totoo lang, hindi ko inisip yung sakit kasi nandoon na 'yun eh. Ang tumatakbo sa utak ko 'yung laro at mga *teammates* na maiiwan ko sa gitna ng laro. Ang sakit sa pusong iwanan sila sa gitna ng laban, isang *team* kami eh kaya dapat lahat lumaban. At isa pa, yung *cheerdance competition*," pahayag ng *18-year old volleybelle*.

Iniisip din ni Villedo ang iba higit ang sarili. Nang tanungin muli, winika niya na nagpapasalamat siya sa pagkilala bilang *MVP* subalit ito ay bagay na para sa buong *team*. "Kaming lahat ang mga tunay na mga *MVP*."

Higit sa lahat, pinaniniwalaan din nito na ang paggamit ng utak ang pinakamahalaga sa mundo ng pampalakasan. "Dapat mong tingnan ang kalaban mo bilang mga taong mas magaling sa iyo. Pare-pareho kayong marunong maglaro subalit hindi lahat nag-iisip habang naglalaro. Mag-isip kung saan mo dapat dalhin ang bola."

Samantala, si Rosario naman ay nagmula sa angkan ng mahuhusay sa larangang ng *volleyball*. Minsan na siyang nasabihang "ikaw lang ang 'di magaling sa pamilya niyo," na nagsisilbing motibasyon sa kanya upang humataw sa bawat laban.

Hindi labis na pinahihintulutan ng isang Rosario ang anomang *pressure* na sundan ang yapak ng kaniyang pamilya. Sa halip, inilalaan niya ang kahirapang ito upang paningasin ang kaniyang kakayahan sa pamamagitan ng pagdalo sa mga *Makati Games* kada-Linggo.

"Nasa isip ko lang na kailangan ko 'tong ipanalo para sa pangarap ko," pagtugon ng *5-foot-3 MVP* at *mythical six* hinggil sa madalas na tumatakbo sa kaniyang isipan sa tuwing maglalaro.

Kung kaya gigil at pursigido sa bawat *training* ang *Paladins' ace*, dahilan para matagumpay niyang mabalanse ang dalawang mundo ng pagiging estudyante at atleta.

"Kusa talaga akong gumagawa ng *requirements*, para bang gusto ng katawan ko na gumawa ng *requirements* para after, makakapag-*training* na ako," paglalahad ng *junior player*.

Isang payo para sa mga kapwa nila atleta ay matutong balansehin ang oras, kalakip ang kasipagan sa pagsasanay na kinakailangang puspuan at walang pag-aalinlangan.

Testamento ang dalawang manlalaro sa halaga ng disiplina, kasipagan at tamang mind-set sa kabila ng mga 'di inaasahang sirkumsyansiya. Sila ang buhay na katibayan na dumatal man ang pagsubok, matutong lumunday at harapin ito nang walang takot.



**INDAK NG KAMPEON.** Sinayaw ng buong husay ng *Limitless* ang kanilang piyesa na nagpahanga sa mga manunuod na naging resulta ng kanilang unang kampeonato sa *Hiphop Dance Competition*





**PADYAK NG MGA WAGI.** Dinagit ng mga beteranong *High Ground* ang titulong *back-to-back champion* sa *Hiphop Competition* sa pamamagitan ng malinis at makapigil hiningang *choreography.*

# Ang Kadluan ISPORTS



**TALON SA RUROK NG TAGUMPAY.** Niyanig ng bawat isa ang buong Maksci sa pagpapamalas ng galing at husay sa mga itinampok na larangan ng *Intramurals* 2018.

## DAKILA, VALOR MULING NANGUNA SA CHEERDANCE; UMUKIT NG PANIBAGONG TALA

**Maria Jamaica Siano Columbres**

Iba pa rin ang kalibre ng mga kampeon.

Matayog na ang nilipad ng *Grade 12 Dose Dakila* at bumulusok din paitaas ang *Grade 10 Senior Valor* upang asintahin ang kani-kanilang *grandslam* at *back-to-back title sa cheerdance competition* sa *Intramurals* 2018 ng Mataas na Paaralang Pang-agham ng Makati.

Sa pamamagitan ng makapigil hiningang *routines*, malinis na *stunts*, at nag-uumapaw na kariktan ng mga *flyers*, ipinamalas ng Dakila ang malatribo at malakatutubong atmospera bilang depiksyon ng maligayang pagdiriwang ng mga Pilipino na pinatingkad pa ng mga *props* dahilan upang itala ang kasaysayan ng Dose sa pagiging *three-time champions.*

Binigo ng *Grade 12 Senior High* ang *Grade 11 Panthers* na lumikha ng ingay sa buong *grounds* gamit ang intensibo at polidong *choreography*, mapormang *facials* at dumadagundong na *cheer* bagamat bahagyang kinapos tungo sa ikalawang puwesto.

"Nakamit namin 'yung tatlong *championship* dahil sa *dedication and passion* ng bawat *member* sa *team* kasi kahit sobrang hirap ng mga *schedule*, kinakaya pa rin naming mag*training* araw-araw. May mga panahon na sobrang nahirapan kami, maraming nasaktan. Nagsilbi 'yung *inspiration* para umunlad at sobrang mahal namin 'yung *batch*," pahayag ni *cheerdance captain* Julia Isabel Pico ng *Dakila.*

Dinagit din ng *graduating batch* ang kanilang ikatlong titulo na *Best in Costume* dulot ng markado at kakaibang ideya nito sa kasuotan upang idagdag sa kanilang rekord noong *Junior Ravens* at *Senior Valiants* pa lamang.

Sa tunggalian ng *Junior High*, umalingawngaw ang hiyawan ng *crowd* sa pagtatanghal ng Senior *Valor* nang palisin nito ang kampeonato taglay ang kahanga-hangang *showmanship*, kagilagilalas na piramido at solidong stunts sa temang pestibal partikular ang Maskara.

Dinuplika ng *Grade 10 Valor* ang kanilang titulo bilang *Grade 9 Falcons* nang nakaraang taon para masiguro ang dalawang magkakasunod na korona sa kanilang panig.

"*We always pray and offer our efforts to the Lord and* Ayessa. *Tribute* po namin ito kay Ayessa (Isa sa batch ng *Senior Valor* si Ayessa Manalo na pumanaw). *The props served as the sunflower petals, the idea was made by our coach,*" tugon ni Marie Bianca Duran ng *Seniors* sa panayam ng ***Ang Kadluan*** kaugnay ng simbolong nais nilang ipabatid sa mga manunood.

Samantala, pumangalawa naman ang *Sophomore Spectres* sa hanay ng labanan kasunod ang *Junior Paladins* habang gumulong ang *Freshmen Pythons* sa ikaapat na puwesto.





Nagsisilbing pagganyak ang katatapos na yugto ng *cheerdance competition* para sa mas kaabang-abang pang pasiklaban ng mga mahuhusay at dedikado sa hatawan, para sa paghubog pa ng kasanayan, at para sa panibagong mga ukit ng kasaysayan sa hinaharap.

## *Teacher Spikers, angat sa mga Manlalarong Estudyante, 2-1*

**Ernie Clement Nueva Ariston**



Mainit na pampagana ang iniwan sa madla ng paglampaso ng mga guro sa mga manlalarong estudyante ng MakSci sa naganap na 2018 Intramurals Volleyball Exhibition Game sa Makati Science High School Court noong ika-27 ng Setyembre.

Ipinalasap ng bawat koponan ang hagupit ng kani- kanilang opensa sa kabila ng mainit na panahon. Ngunit mas namayagpag ang mga guro nang ipinamalas nila ang kombinasyon ng nagbabagang toss at sumisiklab na wallop sa unang set ng laro, 26-24.

"Ang galing, kahit wala silang proper practice, nagagawa nilang makipagsabayan sa mga nakapagtraining." sambit pa ni Allex, isang manood habang kasalukuyang naglalaro ang mga manlalaro sa unang set.

Kayod-kalabaw naman ang ipinamalas ng mga manlalarong estudyante sa ikalawang set. Gamit ang matitinding spike at block, nakuha nilang makaungos sa kalaban sa ikalawang set ng laro, 25-15.

Nalilito ang mukha ng mga manonood kung sino nga talaga ang mananalo sa dalawang malalakas na team at kahit pa tagaktak ang pawis ng lahat sa ilalim ng naglalagablab na araw, hinintay nilang matapos ang nakakamanghang laro ng bawat koponan sa huling set ng laro.

Pinataob na ng tuluyan ng mga guro at hindi na pinaporma pa ang mga manlalarong estudyante nang ipinamalas nila ang sunod-sunod nilang toss at wallop na atake na tila sila ang nagpainit sa buong paligid.

Parang basang sisiw kung maituturing ang mga manlalarong estudyante nang hindi nila maibalik sa mga guro ang bawat spike na inialay nila dahilan kaya nila nakuha ang tugatog ng tagumpay, 25-21.

"Teamwork lang and have fun, yun naman ang spirit ng laro." bulalas ni Sir James Duque, guro ng Junior High sa Science.

**TEACHERS SPIKERS.** Lumipad at nagpakawala si Sir Emman Vidallo ng matulis na spike sa 1st set ng Exhibition Match ng Teachers vs Students Volleyball Edition.

## *Senior Valor, bituin ng Intramurals*

**Allex Roiman Ingaña Bustamante**

Kislap ng kagandahan. Kumikinang sa entablado kung maituturing ang *Grade 10 Senior Valor* na kinatawanan nina Joanne Claire T. Gonzales ng 10-*Maxwell* at Sebastian D. Jamero ng *10-Hertz* matapos tanghaling kampeon sa *Mr and Ms. Intramurals* sa naganap na *Intramurals* 2018 sa Makati Science High School *Grounds* noong Setyembre 26, 2018.

Nagpamalas ng pambihirang talento sa kabuuan sina Gonzales at Jamero matapos ipakita ang kanilang pinagsamang galing sa larangan ng *piston shooting* at asintahin ang kanilang sagot sa *Q&A.*

"Siyempre po *super happy* kasi hindi naman talaga *title* habol ko. Ginawa ko lang yun para sa *batch* ko dahil sobrang laki ng tiwala nila sakin. Dahil *proud* naman sila, *I feel fulfilled* na rin" pahayag ni Gonzales..

Itinanghal naman na *1st runner-up* sina Desiree Dionisio ng *12-Del Mundo* at Vincent Alec F. Baguio ng *12-Zara* mula sa *Grade 12 Dose Dakila* sa kanilang tema na *Drag Racing* habang kinapos sa *2nd runner up* ang *Grade 9 Junior Paladins* nina Angela Neylan V. Sunga ng *9-Nobel* at Alec John M. Rac ng *9-Becquerel* na may F1 *Racing* na tema.

Inuwi ng *Grade 11 Panthers* na may temang *Triathlon* ang *3rd runner-up* sa katauhan nina Robby Louelle C. Cabanting at Felix Q. Bueno samantalang parehas nalaglag ang *Grade 7 Pythons* nina Henra Enyka P. Manching ng *7-Copernicus* at Camilo Meegs M. Jacildo ng *7-Galileo* sa kanilang *Archery* na tema at ang *Grade 8 Spectres* nina Shekina Deborah Santos ng *8-Darwin* at Kim Oliver M. Santiago ng *8-Leeuwenhoek* na nagpakita ng *Arnis* na tema.

Inaasahan na mas magiging kapana-panabik at kaabang-abang ang mga susunod pang taon at mas magniningning ang mga mananalo.



**HARI AT REYNA.** Dinumog ng galak at pagpupunyagi ng *Senior Valor* sina Gonzales at Jamero (nasa gitna) matapos iuwi ang korona ng *Mr. and Ms. Intramurals*.